


Primaryang Eleksiyon NG CALIFORNIA

Martes, Ika-2 ng Marso, 2004

SERTIPIKO NG KATUMPAKAN

Ako, si Kevin Shelley, Sekretaryo ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na nakalagay rito ay isusumite sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Primaryang Eleksiyon na gaganapin sa lahat ng dako ng Estado ng California sa ika-2 ng Marso, 2004 at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-8 araw ng Disyembre, 2003.


Kevin Shelley
Sekretaryo ng Estado



Opisyal na Patnubay na
Impormasyon sa Botante

SEKRETARYO NG ESTADO

Mahal Kong Kapwa Botante,

Kapag bumoboto tayo, hinuhubog natin ang kinabukasan ng ating estado.

Pero tulad ninyo, gusto kong matiyak na makakakuha ako ng maaaring makuhang impormasyon bago ko gawin ang nasabing mahalagang desisyon. Alam ko na maaaring maging napakahirap humanap ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at sa proseso ng eleksiyon.

Iyan ang dahilan kung bakit nilikha ko ang isang bagong mapagkukunan ng impormasyon ng botante sa www.MyVoteCounts.org.

Ang website na ito ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa darating na eleksiyon at nag-uugnay sa mahahalagang mapagkukunan kung saan makakakuha kayo ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga kandidato at mga isyu. Umaasa ako na bibisitahin ninyo ang www.MyVoteCounts.org at gagamitin ang site bilang tagatulong bago kayo bumoto.

myVote
COUNTS
www.MyVoteCounts.org



MGA NILALAMAN

	PAHINA
	Kabuuran ng Panukalang-batas sa Balota 3
Batas sa Bono	
PANUKALA 55	Batas sa Bono ng 2004 Para sa mga Pasilidad sa Edukasyon ng Kindergarten-Unibersidad. 4
Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas	
PANUKALA 56	Badyet ng Estado, Mga Kaugnay na Buwis, at Reserba. Mga Iniaatas na Pagboto. Mga Parusa. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas. 10
	Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado 14
Mga Pahina Ukol sa Impormasyon sa Botante	
	Batas sa mga Karapatan ng Botante 2
	Mga Botanteng“Tumangging Magpahayag” 15
	Impormasyon Tungkol sa Pahayag ng Kandidato 15
	Mga Pahayag ng Partidong Pampulitika 16
	Mga Opisyal ng County sa mga Eleksiyon 18
	Kailangang Malaman ang Iyong Lugar na Botohan? 20
	Maglingkod Bilang Manggagawa sa Botohan 20
	Ang Proseso ng Pagboto ng Nagpapadala Lamang 21
	Mag-aplay Para Maging Permanenteng Botante sa Pamamagitan ng Koreo 21
	Lumipat Ka Ba? 22
	Ano ang HAVA? 22
	Madaling Patnubay ng Botante 28
	Mga Petsang Dapat Tandaan 29
	Teksto ng mga Iminumungkahing Batas 23

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong nakarehistrong botante. Ang balidong nakarehistrong botante ay nangangahulugang isang mamamayan ng Estados Unidos na residente ng estadong ito, na hindi kukulangin sa 18 taong gulang at wala sa bilangguan o hindi parolado sa pagkakasalang peloni, at nakarehistro upang bumoto sa kanyang kasalukuyang address na tirahan.
2. Ikaw ay may karapatang bumoto ng pansamantalang balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa listahan ng botante.
3. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay naroroon at nakapila sa lugar na botohan bago magsara ang mga botohan.
4. Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa mga pananakot.
5. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago iboto ang iyong balota, sa palagay mo ay nagkamali ka.
Kung sa anumang oras bago mo iboto ang iyong balota, nadama mo na nagkamali ka, may karapatan kang palitan ng bagong balota ang nasira o narumihang balota. Ang mga botanteng nagpapadala lamang ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa opisyal sa mga eleksiyon bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Eleksiyon.
6. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung hindi ka makaboto nang walang tulong.
7. Ikaw ay may karapatang ibalik ang kinumpletong balota ng nagpapadala lamang sa anumang presinto sa county.
8. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal sa eleksiyon sa ibang wika, kung may sapat na bilang ng mga residente sa inyong presinto na nagbibigay-katwiran sa paggawa ng mga ito.
9. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal sa eleksiyon sa ibang wika, kung may sapat na bilang ng mga residente sa inyong presinto na nagbibigay-katwiran sa paggawa ng mga ito.
Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at obserbahan ang proseso ng mga eleksiyon. Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal sa eleksiyon tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at tumanggap ng sagot o ituro sa angkop na opisyal para sagutin. Gayunman, kung ang walang-lubay na pagtatanong ay nakakagambala sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, ang lupon ng mga opisyal sa eleksiyon ay maaaring putulin ang pagsagot sa mga tanong.
10. Ikaw ay may karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa lokal na opisyal sa mga eleksiyon o sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado.

Kung sa palagay mo ay ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatang ito, o kung may nalaman kang pandaraya o maling gawain sa eleksiyon, mangyaring tawagan ang mula sa Sekretaryo ng Estado na walang-bayad at kompidensiyal na

TAWAGAN PARA PROTEKSIYON NG BOTANTE

1-800-345-VOTE (8683)

Sekretaryo ng Estado | Estado ng California

KABUURAN NG PANUKALANG-BATAS SA BALOTA

PANUKALA
55

Batas sa Bono ng 2004 Para sa mga Pasilidad sa Edukasyon ng Kindergarten-Unibersidad.

Batas sa Bono
Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Kabuuran

Itong labindalawang bilyon tatlong daang milyong dolyar (\$12,300,000,000) na pagpapalabas ng bono ay magkakaloob ng pondo para sa mga kailangang pasilidad sa edukasyon upang alisin ang pagsisikip at kumpunihin ang mga lumang paaralan. Ang mga pondo ay iuukol sa mga lugar na may pinakamalaking pangangailangan at dapat gastahin alinsunod sa mahihigpit na hakbang ukol sa pananagutan. Ang mga pondo ay gagamitin upang magpahusay at magtayo ng mga bagong silid-aralan sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, Unibersidad ng Estado ng California, at Unibersidad ng California, upang magkaloob ng sapat na pasilidad para sa mas mataas na edukasyon para mabigyang-daan ang dumaraming bilang ng mga estudyante. Ang mga bonong ito ay maari lamang gamitin sa mga karapat-dapat na proyekto. Tama sa Pananalapi: Gastos ng estado na mga \$24.7 bilyon upang bayaran pareho ang prinsipal (\$12.3 bilyon) at interes (\$12.4 bilyon) sa mga bono. Pagbabayad na mga \$823 milyon kada taon.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay puwedeng magbenta ng \$12.3 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon at pagsaayos ng mga pasilidad ng pampublikong edukasyon (kindergarten hanggang kolehiyo).

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi puwedeng magbenta ng \$12.3 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono para sa mga layuning ito.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Nagkakaloob sa mga bata ng malinis, ligtas na mga silid-aralan upang mapahusay ang pag-aaral ng estudyante. Ang Panukala 55 ay **MAG-AAYOS NG MGA SIRA-SIRANG SILID-ARALAN** at **MAGTATAYO NG MGA BAGONG PAARALAN. ANG MAHIGPIT NA PANANAGUTAN** at **MGA PAGESUSURI** ay nagsasanggalang laban sa pag-aaksaya at maling pamamahala. Kapisanan ng mga Guro ng California, Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California, PTA ng Estado, Kamara de Komersiyong ng California "Mamuhunan sa mga bata at sa kanilang kinabukasan. Oo sa 55."

Kontra

Ang California ay humaharap sa pinakamasamang krisis sa pananalapi sa kasaysayan nito. Kailangan natin ng mga bagong paaralan, hindi karagdagang utang ng mga nagbabayad ng buwis. Ang Panukala 55 ay pundamental na mali, mahina ang pagkakasulat, lubos na hindi makatwiran. Ito ay pumapabor sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa kapinsalaan ng ibang bahagi ng estado at ito ay magtataas ng ating mga buwis.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Panig

Oo sa 55—Mga Taga-California Para sa Pananagutan at Mas Mahuhusay na Paaralan
1121 L Street, Suite 803
Sacramento, CA 95814
888-563-0055
information@yeson55.com
www.Yeson55.com

Laban

Thomas N. Hudson,
Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng
Nagbabayad ng Buwis ng
California
9971 Baseline Road
Elverta, CA 95626-9411
916-991-9300
Fax: 209-254-5466
taxfighters@yahoo.com
www.ProtectTaxpayers.com

PANUKALA
56

Badyet ng Estado, Mga Kaugnay na Buwis, at Reserba. Mga Iniaatas na Pagboto. Mga Parusa. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas.

Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas

Kabuuran

Nagpapahintulot sa pagpapatibay ng mga batas sa badyet at buwis na may kaugnayan sa badyet/paglalaan sa pamamagitan ng botong 55%. Ang Lehislatura, Gobernador ay mawawalan ng kabayaran bawat araw na huli ang badyet. Tama sa Pananalapi: Iba-ibang tama mula sa pagbaba ng iniaatas na boto para sa mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet—kabilang ang mga pagbabago sa paggasta at posibleng mahahalagang pagtaas sa mga kita sa buwis ng estado sa ilang taon. Ang mga tama sa pananalapi ay depende sa bumubuo at mga aksiyon ng mga Lehislatura sa hinaharap.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang Lehislatura ay puwedeng magpasa ng badyet ng estado at mga panukalang-batas na nagtataas ng buwis na may kaugnayan sa badyet sa pamamagitan ng 55 porsiyentong boto. Ang ibang mga pagbabago sa proseso ng badyet ay gagawin.

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang mga panukalang-batas sa badyet ng estado at pagtataas ng buwis ay patuloy na aatasan ng dalawang-ikatlong boto para sa pagpasa. Ang proseso ng badyet ay hindi magbabago.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Ang Panukala 56 ay isang tunay na reporma sa badyet. Pinananagot nito ang mga mambabatas sa pamamagitan ng hindi pagbabayad sa mga ito kapag ang badyet ay huli, sinasabi sa mga botante kung magkano ang ginasta sa kanilang pera, ibinababa ang pagpasa sa badyet mula sa 2/3 ay magiging 55% boto, at nag-aatas ng pondo sa "tag-ulan" upang makatulong na balansehin ang badyet.

Kontra

Ang Panukala 56 ay *nagpapanggap* na pananagutan, pero sa totoo ay *nag-aalis ng 2/3 botong pambatasan na kailangan bago makapagtaas ng mga buwis ang mga pulitiko*. Kung ang Panukala 56 ay pumasa, umasa sa **MAS MATATAAS NA BUWIS SA KOTSE, MGA BUWIS SA GAS, MGA BUWIS SA PAGBEBENTA AT MGA BUWIS SA ARI-ARIAN**. Huwag bigyan ng **BLANGKONG TSEKE** ang Sacramento. Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California **HINDI, HINDI, HINDI** sa 56!

Para sa Karagdagang Impormasyon

Panig

Oo sa Panukala 56
1510 J Street, #210
Sacramento, CA 95814
916-443-7817
www.budgetaccountabilitynow.org

Laban

Mga Taga-California Laban sa Mas Mataas na Buwis—Hindi sa 56, isang koalisyon ng mga Nagbabayad ng Buwis, mga Tagagamit, Negosyo, Nagtitingi
11300 West Olympic Blvd.,
Suite 840
Los Angeles, CA 90064
310-996-2678
info@NoBlankChecks.com
www.NoBlankChecks.com

OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN

Inihanda ng Abugado Heneral

Batas sa Bono ng 2004 Para sa mga Pasilidad sa Edukasyon ng Kindergarten–Unibersidad

- Ang batas na ito ay nagtatadhana ng pagpapalabas ng bonong labindalawang bilyon tatlong daang milyon dolyar (\$12,300,000,000) upang pondohan ang mga kailangang pasilidad sa edukasyon para alisin ang pagsisikip at kumpunihin ang mga lumang paaralan.
- Ang mga pondo ay iuukol sa mga lugar na may pinakamalaking pangangailangan at dapat gastahin alinsunod sa mahihigpit na hakbang ukol sa pananagutan.
- Ang mga pondo ay gagamitin upang magpahusay at magtayo ng mga bagong silid-aralan sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, Unibersidad ng Estado ng California, at Unibersidad ng California, upang magkaloob ng sapat na pasilidad para sa mas mataas na edukasyon para mabigyang-daan ang dumaraming bilang ng mga estudyante.
- Maglaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan

- Gastos ng estado na mga \$24.7 bilyon upang bayaran pareho ang prinsipal (\$12.3 bilyon) at interes (\$12.4 bilyon) sa mga bono. Pagbabayad na mga \$823 milyon kada taon.

Mga Huling Boto ng Lehislatura sa AB 16 (Panukala 55)

Asembleya:	Oo 71	Hindi 8
Senado:	Oo 27	Hindi 11

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Batayan

Ang pampublikong edukasyon sa California ay binubuo ng dalawang natatanging sistema. Ang isang sistema ay kabilang ang mga lokal na distrito ng paaralan na nagkakaloob ng elementarya at sekundaryong (kindergarten hanggang ika-12 grado, o “K–12”) edukasyon sa mga 6.2 milyong mag-aaral. Ang ibang sistema (karaniwang tinatawag na “mas mataas na edukasyon”) ay kabilang ang mga Kolehiyo ng Komunidad ng California (CCC), ang Unibersidad ng Estado ng California (CSU), at ang Unibersidad ng California (UC). Ang tatlong bahagi ng mas mataas na edukasyon ay nagkakaloob ng mga programa sa edukasyon na higit sa ika-12 grado sa mga 1.6 milyong buong-oras na estudyante.

Mga Paaralang K–12

Pagpopondo ng mga Pasilidad ng Paaralan.

Ang mga paaralang K-12 ay tumatanggap ng pondo para sa konstruksiyon at pagsasamoderno (pagsasaayos) ng mga pasilidad mula sa dalawang pangunahing pinagkukunan—ang mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono. Ang mga pangkalahatang obligasyong bono ay suportado ng estado at mga distrito ng paaralan, nangangahulugang sila ay ubligadong magbayad ng prinsipal at interes sa mga bonong ito.

- ***Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.*** Ang estado, sa pamamagitan ng Programang Pasilidad ng Paaralan (SFP), ay nagkakaloob ng pera sa mga distrito ng paaralan upang bumili ng lupa at magtayo at magsaayos ng mga gusali ng paaralang K-12. Ang mga distrito ay tumatanggap ng pondo sa konstruksiyon at pagsaayos batay sa bilang ng mga mag-aaral na nakakatugon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng programa. Ang gastos sa mga proyektong konstruksiyon ng paaralan ay pinaghahatian ng estado at ng mga lokal na distrito ng paaralan. Ang estado ay nagbabayad ng 50 porsiyento ng gastos sa mga bagong proyektong konstruksiyon at 60 porsiyento ng gastos sa inaprobahang mga proyektong pagsasamoderno. (Ang mga lokal na panumbas ay hindi kailangan sa mga may “paghihirap” na kaso.) Ang estado ay nagpondo sa SFP sa pamamagitan ng pag-isyu ng mga

pangkalahatang obligasyong bono. Ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay gagamitin upang bayaran ang mga gastos na ito. Ang mga kitang ito ay nanggagaling pangunahin sa kita ng estado at sa mga buwis sa pagbebenta. Sa nakalipas na dekada, ang mga botante ay nag-aproba ng kabuuang \$20.1 bilyon na mga bono ng estado para sa konstruksiyon ng paaralang K-12. Mga \$1.9 bilyon sa mga pondong ito ang mananatiling nakahandang gastahin.

- ***Mga Lokal na Pangkalahatang Obligasyong Bono.*** Ang mga distrito ng paaralan ay inaawtorisang magbenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono upang tustusan ang mga proyektong konstruksiyon ng paaralan na may pag-aproba ng 55 porsiyento ng mga botante sa distrito. Ang mga bono ay binabayaran ng mga buwis sa tunay na ari-arian na matatagpuan sa loob ng distrito. Sa nakalipas na sampung taon, ang mga distrito ng paaralan ay tumanggap ng pag-aproba ng botante upang mag-isyu ng higit sa \$37 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono.

Bagaman ang mga pasilidad ng paaralan ay pinondohan pangunahin mula sa mga pang-estado at lokal na pangkalahatang obligasyong bono, ang mga distrito ng paaralan ay tumatanggap din ng malaking pondo mula sa:

- ***Mga Bayad ng Tagapagpaunlad.*** Ang batas ng estado ay nag-aawtorisa sa mga distrito ng paaralan na magpataw ng mga bayad ng tagapagpaunlad sa bagong konstruksiyon. Ang mga bayad na ito ay ipinapataw sa bagong pantahanan, pangkomersisyo, pang-industriyang mga pagpapaunlad. Sa buong estado, ang mga distrito ng paaralan ay nag-uulat ng karaniwang pagtanggap ng higit sa \$400 milyon sa isang taon sa mga bayad ng tagapagpaunlad sa nakalipas na dekada.
- ***Mga Espesyal na Lokal na Bono (Kilala bilang mga Bonong “Mello-Roos.”)*** Ang mga distrito ng paaralan ay maaaring bumuo ng mga espesyal na distrito upang magbenta ng mga bono para sa mga proyektong konstruksiyon ng paaralan. (Ang mga espesyal na distritong ito ay pangkaraniwang hindi sa buong distrito ng paaralan.) Ang mga bono, na nag-aatas ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULUY)

dalawang-ikatlo ng pag-aproba ng botante, ay binabayaran ng mga singil na tinasa sa mga may ari-arian sa espesyal na distrito. Sa buong estado, ang mga distrito ng paaralan ay tumanggap pangkaraniwan ng mga \$270 milyon sa isang taon sa mga nalikom sa espesyal na lokal na bono sa nakalipas na sampung taon.

Mga Pangangailangan ng Paaralang K-12 School. Sa ilalim ng SFP, ang mga distrito ng paaralang K-12 ay dapat magpakita ng pangangailangan ng bago o isinamodernong mga pasilidad. Hanggang Setyembre 2004, natukoy ng mga distrito ang pangangailangang magtayo ng mga bagong paaralan upang mabigyang-daan ang halos 1 milyong mag-aaral at isamoderno ang mga paaralan para sa karagdagang 1.1 milyong mag-aaral. Ang gastos ng estado upang matugunan ang mga pangangailangang ito ay tinatantiyang mga \$16 na bilyon.

Mas Mataas na Edukasyon

Ang sistema ng pampublikong mas mataas na edukasyon ng California ay kabilang ang 141 kampus sa tatlong bahaging nakalista sa ibaba, naglilingkod sa mga 1.6 milyong estudyante.

- Ang mga CCC ay nagkaloob ng pagtuturo sa 1.1 milyong estudyante sa 108 kampus na pinatatakbo ng 72 lokal na pinamamahalaang mga distrito sa lahat ng dako ng estado. Ang mga kolehiyo ng komunidad ay naggagawad ng mga digring katulong at nag-aalay ng iba-ibang kurso sa pagsasanay na bokasyonal.
- Ang CSU ay may 23 kampus, na may nakatalang mga 331,000 estudyante. Ang sistema ay naggagawad ng mga digring batsilyer at master, at isang maliit na bilang ng pinagsamang mga digring doktor sa UC.
- Ang UC ay may siyam na pangkalahatang kampus, isang kampus sa mga agham na pangkalusugan, at iba-ibang kasaping institusyon, na may kabuuang nakatalang mga 201,000 estudyante. Ang sistemang ito ay nag-aalay ng mga digring batsilyer, master, at doktor, at siyang pangunahang ahensiyang sinusuportahan ng estado sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Sa nakalipas na dekada, ang mga botante ay nag-aproba ng \$5.1 bilyon na mga pangkalahatang

FIGURA I

PANUKALA 55 MGA GAMIT NG MGA PONDO NG BONO

(Sa Milyon) Halaga

K-12	
Mga bagong proyektong konstruksiyon	\$5,260 ^a
Mga proyektong pagsasamoderno	2,250
Lubhang nagsisikip na mga paaralan	2,440
Magkasamang paggamit	50
Kabuuan ng Bahagi, K-12	(\$10,000) ^b
Mas Mataas na Edukasyon	
Mga Kolehiyo ng Komunidad	\$920
Unibersidad ng Estado ng California	690
Unibersidad ng California	690
Kabuuan ng Bahagi, Mas Mataas na Edukasyon	(\$2,300)
KABUUAN	\$12,300
^a Hanggang \$300 milyon para sa mga kinontratang paaralan.	
^b Hanggang \$20 milyon para sa mga proyektong konserbasyon ng enerhiya.	

obligasyong bono para sa mga kapital na pagpapahusay sa mga kampus ng pampublikong mas mataas na edukasyon. Lahat ng pondong ito ay nakalaan na sa mga ispesipikong proyekto. Ang estado ay nagkaloob din ng halos \$1.6 bilyon sa mga bonong arkila-kila (inawtorisa ng Lehislatura) para sa layunin ding ito.

Bilang karagdagan sa mga bonong ito ng estado, ang mga bahagi ng mas mataas na edukasyon ay may ibang mga pinagkukunan ng pondo para sa mga kapital na proyekto.

- **Mga Lokal na Pangkalahatang Obligasyong Bono.** Ang mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ay inaawtorisang magbenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono upang tustusan ang mga proyektong konstruksiyon ng paaralan na may pag-aproba ng 55 porsiyento ng mga botante sa distrito. Ang mga bono ay binabayaran ng mga buwis sa tunay na ari-arian na matatagpuan sa loob ng distrito. Sa nakalipas na dekada, ang mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ay tumanggap ng pag-aproba ng lokal na botante upang mag-isyu ng higit sa \$7 bilyon na mga bono para sa konstruksiyon at pagsasaayos ng mga pasilidad.
- **Mga Regalo at Gawad.** Ang CSU at UC sa mga nakalipas na taon ay magkasamang tumanggap ng mga \$100 milyon taun-taon sa mga regalo at gawad para sa konstruksiyon ng mga pasilidad.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULUY)

- ***Kita sa Pananaliksik ng UC.*** Ang UC ay tumutustos sa konstruksiyon ng mga bagong pasilidad sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono at pagpangakong ibabayad ang kita ng pananaliksik sa hinaharap. Sa kasalukuyan, ang UC ay gumagamit ng mga \$130 milyon sa isang taon ng kita sa pananaliksik upang bayaran ang mga bonong ito.

Mga Planong Pagtatayo Para sa Mas Mataas na Edukasyon. Bawat taon ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ay naghahanda ng mga planong kapital na paglalaan kung saan tinutukoy nila ang mga dapat unahing proyekto sa susunod na ilang taon. Ang mga proyektong kapital na paglalaan sa mas mataas na edukasyon sa mga pinakahuling plano ay may kabuuang \$5.3 bilyon para sa 2003-04 hanggang 2007-08.

Mungkahi

Ang panukalang-batas na ito ay nagpapahintulot sa estado na mag-isyu ng \$12.3 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon at pagsasaayos ng mga pasilidad ng paaralang K-12 (\$10 bilyon) at mga pasilidad ng mas mataas na edukasyon (\$2.3 bilyon). Ipinapakita ng Figura 1 kung paano ilalaan ang mga bonong ito sa K-12 at mas mataas na edukasyon.

Batas sa Bono Para sa Edukasyon sa Hinaharap. Kung hindi inaprobahan ng mga botante ang panukalang-batas na ito, ang batas ng estado ay nag-aatas na ang katulad na pag-isyu ng bono ay ilagay sa balota ng Nobyembre 2004.

Mga Pasilidad ng Paaralang K-12

Inilalarawan ng Figura 1 kung paano pangkaraniwang inilalaan ang \$10 bilyon para sa mga proyekto ng paaralang K-12. Gayunman, ang panukalang-batas ay magpapahintulot ng mga pagbabago sa paglalaang ito sa pag-aproba ng Lehislatura at Gobernador.

Bagong Konstruksiyon. Isang kabuuan na \$5.26 bilyon ay makukuha upang bumili ng lupa at magtayo ng mga bagong gusali ng paaralan. Ang mga distrito ay aatasang magbayad ng 50 porsiyento ng mga gastos sa pamamagitan ng mga lokal na pinagkukunan maliban kung ito ay kuwalipikado sa pagpondong may paghihirap ng estado. Ang panukalang-batas ay nagtatadhana rin na hanggang \$300 milyon ng pondong ito sa bagong

konstruksiyon ay makuha para sa mga pasilidad ng mga kinontratang paaralan. (Ang mga kinontratang paaralan ay mga pampublikong paaralan na pinatatakbo nang independiyente sa maraming iniaatas sa mga regular na pampublikong paaralan.)

Pagsasamoderno. Ang panukala ay inihahanda ang \$2.25 bilyon para sa pagsasaayos o pagsasamoderno ng mga KASALUKUYANG pasilidad ng paaralan. Ang mga distrito ay aatasang magbayad ng 40 porsiyento ng gastos sa proyekto mula sa mga lokal na pinagkukunan.

Lubhang Nagsisikip na mga Paaralan. Ang panukalang ito ay nag-uukol ng \$2.44 bilyon sa mga distrito na may mga paaralan na itinuturing na lubhang nagsisikip. Ang mga pondong ito ay pupunta sa mga paaralan na may malaking bilang ng mga mag-aaral batay sa sukat ng lugar ng paaralan.

Mga Proyektong Magkasamang Paggamit. Ang panukalang-batas na ito ay naghahanda ng \$50 milyon sa mga proyektong magkasamang paggamit. (Ang isang halimbawa ng proyektong magkasamang paggamit ay isang pasilidad na ginawa para gamitin pareho ng distrito ng paaralang K-12 at ng isang lokal na distrito ng aklatan.)

Mga Pasilidad ng Mas Mataas na Edukasyon

Ang panukalang-batas ay may \$2.3 bilyon upang magtayo ng mga bagong gusali at mga kaugnay na imprastraktura, baguhin ang mga kasalukuyang gusali, at bumili ng kagamitan para gamitin sa mga gusaling ito para sa mga sistema ng pampublikong mas mataas na edukasyon ng California. Gaya ng ipinapakita ng Figura 1, ang panukalang-batas ay naglalaan ng \$690 milyon sa bawat isa ng UC at CSU at \$920 milyon sa mga CCC. Ang Gobernador at ang Lehislatura ay pipili ng mga ispesipikong proyektong popondohan ng mga pera sa bono.

Epekto sa Pananalapi

Ang gastos sa mga bonong ito ay depende sa antas ng interes at sa panahon na mababayaran ang mga ito. Kung ang \$12.3 bilyon sa mga bonong inawtorisa ng panukalang ito ay ibinenta sa interes na 5.25 porsiyento (ang kasalukuyang antas sa ganitong uri ng bono) at binayaran sa 30 taon, ang gastos ay aabot ng mga \$24.7 bilyon upang bayaran ang prinsipal (\$12.3 bilyon) at interes (\$12.4 bilyon). Ang pangkaraniwang kabayaran sa prinsipal at interes ay mga \$823 milyon kada taon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 55

Ang ating mga anak ay karapat-dapat sa malinis, ligtas na mga silid-aralan kung inaasahan nating magtagumpay sila. Pero maraming estudyante ang pinapag-aral sa mga silid-aralan na sira-sira na at nagsisikip.

Kailangan ng California na mamumuhan sa edukasyon upang mamuhuan sa kinabukasan ng ating mga bata. Ang pagkumpuni ng mga sira-sirang silid-aralan at pagtatayo ng mga bagong paaralan upang bawasan ang pagsisikip ay isang paraan upang tulungan ang mga estudyante na mapabuti ang mga puntos sa pagsusulit at matugunan ang matataas na pamantayan.

Ang pagpasa ng Panukala 55 ay mamumuhunan sa kinabukasan ng ating mga bata at magpapatibay ng mahihigpit na pamantayan sa pananagutan na titiyak na ang pondo ng bono sa paaralan ay tuwirang pupunta sa pagkumpuni at pagtatayo ng mga bagong silid-aralan kung saan unang-unang kailangan ang mga ito.

ANG MGA MAGULANG AY SUMUSUPORTA sa Panukala 55 dahi inayos nito ang luma at lipas nang mga silid-aralan na kailangang kumpunihin.

Ang mga pinakahuling pag-aaral ay nagpapakita na isang milyong estudyante ang nag-aaral sa mga paaralan na may mga banyong hindi gumaganap. Karapat-dapat ang ating mga bata sa higit. Ang Panukala 55 ay:

- NAG-AAYOS NG MGA TUMUTULONG BUONG, NAGKUKUMPUNI NG MGA SIRANG BANYO, at naglalagay ng pampainit at pangkondisyon ng hangin sa mga silid-aralan.
- Tumulong na matiyak na ang mga bata ay nag-aaral sa MGA LIGTAS NA GUSALI na nakakatugon sa mga pamantayan sa lindol at sunog.

ANG MGA LOKAL NA GURO AY SUMUSUPORTA SA PANUKALA 55 DAHIL ITO AY NAGKAKALOOB SA MGA KOMUNIDAD NG MGA PANUMBAS NA PONDO NG ESTADO UPANG MAGTAYO NG MGA BAGONG LOKAL NA PAARALAN.

Kailangan ng California na magtayo ng higit sa 22,000 silid-aralan upang maalis ang pagsisikip at mabigyang-daan ang dumaraming bilang ng estudyante. Ang Panukala 55 ay nagkakoob ng mga panumbas na pondo ng estado para sa mga proyekto ng lokal na paaralan at:

- MAGTATAYO NG MGA BAGONG LOKAL NA PAARALAN SA LAHAT NG DAKO NG ESTADO.
- MAGTATAYO NG MGA BAGONG SILID-ARALAN upang maalis ang pagsisikip at mabawasan ang mga sukat ng klase.

Ang KAPISANAN NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG CALIFORNIA ay sumusuporta sa mahihigpit na probisyon ukol sa pananagutan ng Panukala 55.

- ANG MGA INDEPENDIYENTENG PAGESUSURI, PAGKONTROL NG GASTOS at ibang mga iniaatas ukol sa pananagutan ay nagbabantay laban sa pag-aaksaya at maling pamamahala at nagkakoob ng pangangasiwa sa lahat ng proyekto ng paaralan.
- Ang mga pondo ay puwede lamang gastahin upang magkumpuni o magtayo ng mga paaralan, hindi sa burukrasya o pag-aaksaya.

ANG CALIFORNIA STATE PTA ay sumusuporta sa Panukala 55 dahil ito ay NAG-UUKOL NG MGA PONDO KUNG SAAN UNANG-UNANG KAILANGAN ANG MGA ITO.

- Ang Panukala 55 ay nagkakoob ng ispesipikong pondo upang magtayo ng mga bagong paaralan sa mga lugar na ang mga silid-aralan ay lubhang nagsisikip.
- Ang mga bago at lumalaking komunidad ay tumatanggap din ng kanilang kabahagi upang magtayo ng mga paaralan at silid-aralan na kailangan nila.

ANG UNIBERSIDAD NG ESTADO NG CALIFORNIA, MGA KOLEHIYO NG KOMUNIDAD ng California at UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA ay sumusuporta sa Panukala 55.

- Ang Panukala 55 ay nagkakoob ng mga pondo para sa mga kolehiyo at unibersidad upang magtayo ng mga silid-aralan at isamoderno ang mga pasilidad sa pananaliksik na tumutulong na lumikha ng mga trabaho at paunlarin ang ekonomiya ng California.

ANG KAMARA DE KOMERSIYO NG CALIFORNIA ay sumusuporta sa Panukala 55 dahil ITO AY NAMUMUHUNAN SA ATING EKONOMIYA AT SA ATING MGA MANGGAGAWA SA HINAHARAP.

- Ang konstruksiyon ng paaralan ay isang tuwirang pamumuhunan sa ekonomiya. Ang mga proyekto ng Panukala 55 ay LILIKHA NG DAAN-daang LIBONG BAGONG MGA TRABAHO sa lahat ng dako ng California.
- Ang Panukala 55 ay nagkakoob ng pera upang kablehan ang mga silid-aralan at bigyan ang mga estudyante ng mga kasangkapang kailangan nila upang maging mga lider sa hinaharap.

Ang pagpasa sa Panukala 55 ay mamumuhunan sa kinabukasan ng ating mga bata sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga sira-sirang silid-aralan at pagtatayo ng mga bagong paaralan. Ang mahihigpit na iniaatas ukol sa pananagutan ay tumitiyak na ang mga pondo ay gagastahin lamang sa pagkumpuni at pagtatayo ng paaralan.

Ang Panukala 55 ay isang pangkalahatang obligasyong bono na HINDI MAGTATAAS NG MGA BUWIS.

Samahan ang mga Republikano, Demokratiko at Independiyente, mga lokal na guro, organisasyon ng nagbabayad ng buwis, grupo ng komunidad, lokal na negosyo, Kamara de Komersiyong ng California, California State PTA at milyun-milyong taga-California na sumusuporta sa ating mga paaralan.

BUMOTO NG OO SA PANUKALA 55.

BARBARA KERR, *Presidente*

Kapisanan ng mga Guro ng California

LARRY MCCARTHY, *Presidente*

Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

BILL HAUCK, *Ka-Tagapangulo*

Mga Taga-California para sa Pananagutan at Mas Mabubuting Paaralan

SAGOT sa Pangangatwiran Panig sa Panukala 55

Kailangan nating gawing priyoridad ang konstruksiyon ng paaralan para sa California—nang hindi nagdaragdag ng ating utang.

Ang katawa-tawang sinasabi ng mga tagapagtayod na ang bonong ito ay “hindi magtataas ng mga buwis” ay isang baliw na pahayag. Ang mga pondo ng bono ay mababayaran lamang ng mga dolyar na buwis. Kailangan nating magputol ng mga serbisyo o magtaas ng mga buwis para mabayaran ang bonong ito.

Sa kabutihang-palad, may mas mabuting paraan para magtayo ng mga paaralan. Sa taong ito, ang estado ay gumasta ng \$3,542,000,000 para sa konstruksiyon ng paaralan (katumbas ng 3.5% ng \$101,174,000,000 na badyet na estado). Kung gagastahin ang 5% lamang ng susunod na limang badyet sa konstruksiyon ng paaralan, makakalikom tayo ng pera na doble ng malilikom ng bonong ito. Makakapagtayo tayo ng dobleng dami ng paaralan at makakatipid ang mga nagbabayad ng buwis ng higit sa \$12 bilyon sa interes!

Hindi natin kailangan ng bagong utang o mas mataas na buwis. Kailangan lamang natin sabihin sa Sacramento na unahin ang konstruksiyon ng paaralan.

Sinasabi ng mga tagapagtayod na ang mga pondo mula sa Panukala 55 “ay puwede lamang gastahin upang magkumpuni o magtayo ng mga paaralan, hindi sa burukrasya o pag-aaksaya”. Ito ay

kalokohan. Ang konstruksiyon ng paaralan sa California ay binubuwisit ng pag-aaksaya, burukrasya, at katawa-tawang utos ng pamahalaan. Ang bonong ito ay walang ginagawa upang alisin ang burukrasya, pag-aaksaya o utos.

Ang mga tagapagtayod ay nangangakong magtayo ng mga paaralan “sa lahat ng dako ng estado,” pero hindi nila binanggit na ang pera ay gagastahin lamang sa mga distritong sapat ang yaman upang makalikom ng 40% panumbas na pondo. KALAHATI NG LAHAT NG DISTRITO NG PAARALAN AY WALANG NATANGGAP SA HULING BONO SA PAARALAN. Walang garantiya na ang inyong distrito ng paaralan ay tatanggap ng kahit isang kusing mula sa pondong ito, pero mapipilitan kayong bayaran ito.

RICO OLLER, *Senador ng Estado*

Unang Distrito ng Senado

LEW UHLER, *Presidente*

Pambansang Komite sa Limitasyon sa Buwis

HENRY A. HOUGH, *Nakatataas na Bise Presidente*

Kapisanan ng 60-Higit

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 55

Ang California ay humaharap sa pinamatinding krisis sa pananalapi sa kasaysayan ng alinmang estado. Nitong nakaraang taon, ang kakulangan sa badyet ng California ay halos kapantay ng *pinagsamang* mga kakulangan ng lahat ng ibang mga estado. Ang antas ng kredito ng estado ay pinakasama sa bansa at ang ating mga bono ay bumabagsak sa kalagayan ng “basurang bono.” Para palalain pa ang mga bagay, si dating Gobernador Davis at ang Lehislatura ay humiram ng higit sa \$13 bilyon nitong nakaraang taon para mabayaran ang mga singil. Ang tinatantiyang kakulangan sa badyet sa susunod na taon ay higit na sa \$10 bilyon at ang masamang balita ay patuloy na dumarating. Tayo ay nasa malaking problema sa pananalapi na ang Tesorero ay hindi makapag-isyu ng \$28 bilyon sa \$73 bilyon sa mga pambuong-estadong bono na naaprobahan na.

Ang resulta nitong maling pamamahala ng pananalapi ay nakakagimbal. Sa maraming dekada, mapipilitan tayong magbayad ng mas matataas na buwis para mabayaran lamang ang inutang na natin. Kahit na walang mga bagong bono, ang ating nakakalumpung utang ay gagawing mas mahirap sa pamahalaan na makatugon sa mga likas na kapahamakan at sa mga paghina ng kabuhayan. Ang mga batang mag-aaral ngayon ay magbabayad sa bonong ito nang matagal na panahon pagkaraang makatapos ang sarili nilang mga anak!

Sa panahong si Gobernador Schwarzenegger at ang Lehislatura ay nahihirapang humanap ng mga paraan upang bayaran ang \$73,000,000,000 na naunang inaprobahang utang, ang panukalang-batas na ito ay lalong magbabao sa atin sa hukay ng pananalapi. Sa \$12,300,000,000, ang Panukala 55 ay kumakaribal sa pinakamalaking bono sa kasaysayan ng alinmang estado ng Amerika. Hindi natin makakaya ito.

Panahon na upang baguhin ang pagtingin sa paraan ng pagtatayo ng mga paaralan sa California. Ang epekto ng tambalang interes at ang mga bayad sa abugado, ang mga mangangalakal ng bono sa Wall Street at mga burukrata ay pangkaraniwang nagdodoble ng gastos sa mga pasilidad na itinatayo sa pamamagitan ng mga bono. Ang bonong ito

ay hindi man lamang naglalaman ng hanggahan sa antas ng interes, kaya ang tunay na gastos ay maaaring mas mataas, lalo na kung ang aprobahan ng mga botante ng California ang mga karagdagang bono sa eleksiyong ito. **MAKAKAPAGTAYO TAYO NG MAS MARAMING PAARALAN KUNG GAGAMIT TAYO NG PARAANG RESPONSABLE SA PANANALAPI.** Dahil ang California ay may libu-libong pampublikong paaralan, bakit hindi na lang magtayo ng ilan sa bawat taon? Sa ganitong paraan, hindi natin kailangang mangutang o pagbantaan ang ating katatagan sa pananalapi. Kailangan lamang natin idiin sa Sacramento na unahin ang konstruksiyon ng paaralan.

Bago bumoto, mangyaring suriing mabuti ang wika ng bono. Ang mga sumulat ay tusong nagtabi ng higit sa isang kuwarto ng mga pondo sa bono para sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles. Ang mga batang mag-aaral ng ating estado na pumapasok sa paaralan doon ay 12% lamang. Hindi ito makatarungan at hindi ito tama.

Upang dagdagan ng insulto ang pinsala, ang Panukala 55 ay nag-aatas sa mga lokal na distrito ng paaralan na magkaloob ng 40% panumbas na pondo para makatanggap NG pera. Ang inyo bang distrito ng paaralan ay may malaking sobra sa badyet? Maliban kung nakatira kayo sa isang mayamang komunidad na may sobrang pera para sa iniaatas na 40% panumbas na pondo, kayo at ang inyong mga anak ay maaaring walang makita dito sa \$12,300,000,000 bono, pero tiyak na aataas kayo na magbayad ng mas matataas na buwis upang mabayaran ang pera sa susunod na 30 taon.

Mangyaring BUMOTO NG HINDI sa Panukala 55.

SENADOR RICO OLLER
Unang Distrito ng Senado

SAGOT SA Pangangatwirang Laban sa Panukala 55

Ang California ay puwede at dapat patuloy na mamumuhan sa edukasyon at sa kinabukasan ng ating mga bata. Iyon ang gagawin ng Panukala 55. Huwag paloloko sa pagbaluktot ng mga kalaban sa katotohanan.

Ang pagkaloob ng ligtas, malilinis na silid-aralan ay magpapahusay sa paggaap ng estudyante at tutulong sa ating mga bata na magtagumpay.

SI TESORERO NG ESTADO NG CALIFORNIA Phil Angelides ay nagsabi na ang *“Ekonomiya ng California ay may kakayahang suportaban ang Panukala 55. Ito’y isang makatwiran, masinop na pamumuhunan na makakatulong sa kasaganaang pangkabuhayan sa binaharap.”*

ANG KAPISANAN NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG CALIFORNIA ay nagsabi, *“Ang Panukala 55 ay isang paraang responsable sa pananalapi para tustusan ang pagkumpuni at konstruksiyon ng paaralan.”*

Ang kalaban ay SADYANG GUMAGAWA NG MALING PAGLALARAWAN ng mga bagay. Ang katotohanan:

- Bawat distrito ay karapat-dapat para lamang sa makatwirang kabahagi ng Panukala 55 batay sa pangangailangan. Walang distrito, so Los Angeles o saanmang lugar, na makakakuha ng higit sa makatwirang kabahagi.
- Ang Panukala 55 ay NAG-UUKOL NG MGA PONDO kung saan unang-unang kailangan ang mga ito—sa mga distrito na lubhang nagsisikip at mga sira-sirang paaralan. Bisitahin ang www.Yeson55.com para sa isang listahan ng mga proyekto ng Panukala 55 at mga proyektong tinutustusan ng pinakahuling pambuong-estadong bono para sa paaralan.

- ANG MAHIHIGPIT NA INIAATAS SA PANANAGUTAN, PAGKONTROL NG GASTOS at independiyenteng PAGSUSURI ay nangangalaga laban sa pag-aaksaya at maling pamamahala.
- Ang Panukala 55 ay nagkaloob ng panumbas na pondo sa mga lokal na distrito. Kung walang Panukala 55, maraming komunidad na *hindi* makakasulong sa mga pagkumpuni at konstruksiyon ng paaralan.
- Ang Panukala 55 ay isang pangkalahatang obligasyong bono na HINDI MAGTATAAS NG MGA BUWIS.

Kailangan ng California na magtayo ng 22,000 silid-aralan upang lutasin ang pagsisikip at dumaraming bilang ng estudyante. Sampung libo ng mga paaralan ang nangangailangan ng mga basikong pagkumpuni—pag-aayos ng mga tumutulung bubon at mga sirang banyo, pagkakabit ng pampainit at pangkondisyon ng hangin.

Bumoto ng OO sa 55 UPANG AYUSIN ANG MGA SIRA-sirang paaralan, magtayo ng MGA BAGONG SILID-ARALAN at PAHUSAYIN ANG pag-AARAL NG ESTUDYANTE.

CARLA NIÑO, Presidente

PTA ng Estado ng California

ALLAN ZAREMBERG, Presidente

Kamara de Komersiyo ng California

CATHERINE L. UNGER, Presidente

Lupon ng mga Gobernador,

Mga Kolehiyo ng mga Komunidad ng California

Badyet ng Estado, Mga Kaugnay na Buwis, at Reserba. Mga Iniaatas na Pagboto. Mga Parusa. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas.

OPISYAL NA TITULO AT KABUURAN

Inihanda ng Abogado Heneral

Badyet ng Estado, Mga Kaugnay na Buwis, at Reserba. Mga Iniaatas na Pagboto. Mga Parusa. Inisyatibong Susog sa Konstitusyon at Batas.

- Nagpapahintulot sa Lehislatura na magpatibay ng mga batas sa badyet at buwis na may kaugnayan sa badyet at paglalaan na may botong 55% sa halip na botong 2/3 na kasalukuyang iniaatas.
- Nag-aatas na ang Lehislatura, Gobernador ay permanenteng mawalan ng suweldo, panggasta para sa bawat araw na huli ang badyet.
- Nag-aatas na ang Lehislatura ay manatili sa sesyon hanggang maipasa ang badyet.
- Nag-aatas ng kabuuran ng badyet sa pamplet ng balota ng estado at pag-uugnay sa Internet website ng mga rekord sa pagboto ng mga mambabatas ukol sa badyet at mga kaugnay na buwis.
- Nag-aatas ng 25% ng partikular na mga pagtaas sa kita ng estado na ideposito sa reserbang pondo, na hindi magagamit upang itaas ang paggasta.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Ang panukalang-batas na ito ay magkakaroon ng iba—ibang tama sa pananalapi ng estado mula sa pagbaba ng iniaatas na botong pambatasan para sa mga pagtaas sa paggasta at buwis na may kaugnayan sa badyet. Ang mga tama sa pananalapi ay depende pangunahin sa bumubuo at mga aksiyon ng mga Lehislatura sa hinaharap.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Batayan

Ang badyet ng estado ay magkakaloob ng taunang pondo para sa karamihan sa mg programa ng pamahalaan. Bago ipadala ang panukalang-batas sa badyet sa Gobernador para sa aproba, ito ay dapat pumasa sa pamamagitan ng dalawang-ikatlóng boto (67 porsiyento) ng bawat kapulungan ng Lehislatura. Ang Konstitusyon ng Estado ay nag-aatas ng pambatasang pagpasa sa panukalang-batas sa badyet bago lumampas ang ika-15 ng Hunyo ng bawat taon. (Ito ay hindi, gayunman, nagtatadhana ng huling-araw para sa Lehislatura at Gobernador para magkaroon ng pangwakas na kasunduan sa panukalang-batas sa badyet.)

Ang Konstitusyon ng Estado ay nag-aatas din ng dalawang-ikatlóng boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura para sa pagpasa ng mga panukalang-batas na nagtataas ng mga buwis. Ang mga ganitong uri ng panukalang-batas ay nagkakabisa kaagad. Ang ibang mga uri ng panukalang-batas—kabilang ang mga panukalang-batas na nagbabawas ng mga buwis at paggasta—ay puwedeng ipasa ng mayoriyang (higit sa 50 porsiyento) boto at magkakabisa sa ika-1 ng Enero ng susunod na taon.

Ang badyet ay pangkaraniwang kabilang ang perang itinabi para sa mga di-inaasahang pangyayari, tulad ng kakulangan ng kita at mga emerhensiya. Ang mga pondong ito ay inilalagay sa reserba o pondo sa “tag-ulan.” Sa kasalukuyan, ang Lehislatura at Gobernador ay puwedeng pumili sa bawat taon kung magkano ang ilalagay sa pondong ito.

Mungkahì

Ang panukalang-batas na ito ay nagsusug sa Konstitusyon at mga batas ng estado upang baguhin ang proseso ng badyet ng estado. Ang Pigura 1 ay nagsasabud ng mga pangunahing probisyon ng panukala.

Mga Boto sa mga Buwis at Paggastang May Kaugnayan sa Badyet ng Estado. Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawas mula sa dalawang-ikatlóng porsiyento ng bilang ng mga botong iniaatas upang ipasa ang panukalang-batas sa badyet at ibang mga panukalang-batas—kabilang ang mga panukalang-batas sa pagtataas ng buwis—na may kaugnayan sa badyet. Ang mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet ay magkakabisa kaagad pagkapasa.

Mga Iniaatas na Reserba. Ang panukalang-batas na ito ay nagtatatag ng pinakamababang mga iniataas sa paglalagay at paglalabas ng pera sa reserbang pondo ng estado. Sa ilalim ng panukalang-batas, ang mga pondo ay idaragdag sa reserba sa anumang taon kung kailan ang mga kita ng estado ay lumampas sa kailangan sa “kasalukuyang mga antas ng serbisyo.” (Ang katawagang ito ay para sa halagang kailangan upang pondohan ang mga programa ng estado, iniaakma sa bawat taon para sa mga pagbabago sa populasyon at implasyon. Ang mga taunang kita na higit sa halagang ito ay maaaring ituring na “mga sobrang kita.”) Ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Lehislatura na ilagay sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULUY)

reserba ang hindi kukulangin sa 25 porsiyento ng anumang sobrang kita, hanggang ang reserba ay umabot sa 5 porsiyento ng naunang-taong paggasta (sa kasalukuyan ay isang reserbang halaga na halos \$4 na bilyon). Ang panukalang-batas ay hindi nagtatakda sa paggamit ng mga natitirang sobrang kita. Ang mga reserbang pondo ay puwede lamang gastahin sa mga kasong emerhensiya o sa mga taon na ang paggasta sa mga kasalukuyang antas ng serbisyo ay lumalampas sa mga kita.

Mga Bunga ng Huling Badyet. Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawal sa Lehislatura at sa Gobernador na kunin ang kanilang mga suweldo at panggasta kapag huli na ang badyet. Ang mga nawalang suweldo at panggasta ay hindi puwedeng bayaran sa ibang panahon. Bilang karagdagan, ang panukalang-batas ay nag-aatas sa Lehislatura na manatili sa sesyon hanggang ang badyet ay aprobahan.

Ibang mga Probisyon. Kabilang din sa panukalang-batas ang mga sumusunod na probisyon:

- **Kabuuran ng Badyet sa Pamplet ng Balota.** Ang panukalang-batas na ito ay nag-aatas sa Kontroler ng Estado na maghanda ng isang kabuuran ng badyet para isama sa pamplet ng balota na ipinagkakaloob sa mga botante tuwing eleksiyon na pambuong-estado. Ang kabuurang ito ay magsasama ng mga direksiyon sa Internet Web site na kabilang ang mga rekord sa pagboto ng mga mambabatas sa mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet.
- **Parusa ng mga Mambabatas.** Ang panukalang-batas na ito ay nagbabawal sa isang mambabatas na magparusa o magbanta sa ibang mambabatas dahil sa isang botong may kaugnayan sa badyet.

Mga Epekto sa Pananalapi

Ang panukalang-batas ay magkakaroon ng mga sumusunod na tama sa pananalapi ng pamahalaan ng estado.

Mga Boto sa mga Buwis at Paggastang May Kaugnayan sa Badyet ng Estado. Ang panukalang ito, sa pagbawas sa bilang ng mga botong kailangan upang ipasa ang mga panukalang-batas na may kinalaman sa badyet, ay gagawing mas madali para sa Lehislatura na sumang-ayon sa mga panukalang-batas na ito. Ang laki ng anumang epekto ng pagbabagong ito ay depende sa maraming bagay—tulad ng kalagayan sa pananalapi ng estado, sa bumubuo sa Lehislatura, at sa mga aksiyon sa hinaharap. Halimbawa, dahil sa mas kaunting mambabatas ang kailangang sumang-ayon sa badyet ng estado, ang nilalaman ng badyet at antas ng paggasta ay puwedeng magbago sa ilang taon mula sa dapat sanang maging antas nito.

Gayon din, ang binawasang bilang ng mga iniaatas na boto ay gagawing mas madali sa ilang taon na aprobahan ang pagtataas ng buwis na may kaugnayan sa badyet. Sa ganitong mga kaso, ang panukalang-batas ay magreresulta sa mas mataas na kita sa buwis (at paggasta ng estado) kaysa mangyayari sana sa ibang paraan. Itong maaaring maging epekto sa kita ay puwedeng malaki. Halimbawa, sa mga \$70 bilyon na badyet ng estado, kahit ang maliit na persentahe sa mga buwis ay puwedeng magresulta sa malaking halaga ng mga karagdagang kita.

Mga Iniaatas na Reserba. Sa ilalim ng panukalang ito, ang Lehislatura ay aatasan na maglagay ng mga kita sa reserba

FIGURA I

MGA PROBISSYON NG PANUKALA 56

- ✓ Mga Boto sa mga Buwis at Paggastang May Kaugnayan sa Badyet ng Estado
 - Nagpapahintulot sa Lehislatura na magpatibay sa pamamagitan ng 55 porsiyentong boto sa halip na dalawang-ikatlong boto na kasalukuyang iniaatas.
- ✓ Mga Iniaatas na Reserba
 - Nag-aatas ng 25 porsiyento ng “sobrang” kita ng estado (hanggang 5 porsiyento ng paggasta ng Pangkalahatang Pondo) na itabi.
 - Ang mga reserbang pondo ay puwede lamang gastahin sa mga partikular na pangyayari.
- ✓ Mga Bunga ng Huling Badyet
 - Nag-aatas na ang Lehislatura, Gobernador ay mawalan ng suweldo at panggasta para sa bawat araw na huli ang badyet.
 - Nag-aatas na ang Lehislatura ay manatili sa sesyon hanggang maipasa ang badyet.
- ✓ Ibang mga Probisyon
 - Nag-aatas ng kabuuran ng badyet sa pamplet ng balota ng estado at mga direksiyon sa Internet Web site na nagkaloob ng impormasyon sa botong may kaugnayan sa badyet.
 - Nagbabawal sa isang mambabatas na magparusa o magbantang magparusa sa ibang mambabatas para sa botong may kaugnayan sa badyet.

sa mga partikular na taon. (Ang mga pondong inilagay sa reserba ay makukuha sana para sa karagdagang paggasta o kabawasan sa kita.) Bilang resulta, magkakaroon ng antas ng reserba sa ilang taon na mas mataas kaysa mangyayari sa ibang paraan. Bilang karagdagan, ang mas mataas na antas ng reserba ay puwedeng humantong sa mas kaunting pagbaba-pagtaas sa paggasta ng estado. Halimbawa, ang mas mataas na reserba ay puwedeng magresulta sa mas mababang paggasta sa mga taon ng mataas na pagyabong ng kita at tutulong na mapanatili ang mga kasalukuyang antas ng serbisyo sa mga taon na mababa ang kita. Ang epekto ng mga iniaatas na reserba ay depende sa antas ng mga kita ng estado at mga pambatasang desisyon tungkol sa mga kasalukuyang antas ng serbisyo.

Mga Bunga ng Huling Badyet. Ang iniaatas na pagkawala ng suweldo at panggasta ng Gobernador at Lehislatura ay magbabawas ng gastos sa alinmang taon na huli na ang badyet. Sa mga ganitong kasao, ang panukalang-batas ay makakapagtipid sa estado ng mga \$50,000 kada araw sa mga suweldo at panggasta hanggang aprobahan ang badyet.

Kabuuran ng Badyet sa Pamplet ng Balota. Ang iniaatas para sa Kontroler ng Estado na gumawa ng impormasyong may kaugnayan sa badyet ay magreresulta sa kaunting gastos ng estado.

Ibang mga Bagay. Sa pagbabago sa proseso ng badyet, ang panukalang-batas na ito ay puwedeng magkaroon ng ibang mga epekto sa pananalapi. Halimbawa, kung gawin ng panukalang-batas na mas madaling malutas ang mga problema sa badyet, ito ay puwedeng magkaroon ng epekto sa antas ng kredito ng estado. Kaya, ito ay magreresulta sa matitipid ng estado mula sa mas mababang gastos sa interes.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 56

Panahon na para sa tunay na reporma sa badyet na pinananagot ang mga mambabatas.

Taun-taon, sa ilalim ng Demokratiko at Republikanong gobernador, nakaranas tayo ang huling badyet at malalaking kakulangan.

Taun-taon, ang Lehislatura ay nag-aaaway sa badyet ng estado.

Bakit nagagawa nila ito? Dahil ANG MGA MAMBABATAS AY HINDI NAPARURUSAHAN SA MGA HULING BADYET AT IRESPONSABLENG KAKULANGAN:

- Sa kabila ng halos anim na buwan para ipasa ang badyet, ang Lehislatura ay nahuhuli sa itinakda ng Konstitusyon bawat taon mula 1986.
- Ang antas ng kredito ng California ay ibinaba sa katayuang halos basurang bono—ang pinakamababa sa alinmang estado.
- Ang malalaking kakulangan ay nagbabanta ng malalaking pagputol sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan—at ang mga ito ay responsable sa pinakamalalaking pagtaas ng buwis sa estado.

ANG PANUKALA 56—ANG BATAS SA PANANAGUTAN SA BADYET—AY GINAGAWANG RESPONSIBLE ANG MGA MAMBABATAS SA KANILANG MGA AKSIYON SA BADYET.

Ang 56 ay isang tunay na reporma sa badyet na nagbibigay sa mga botante ng mga kasangkapang kailangan nila upang papanagutin ang kanilang mga mambabatas.

TINATAPOS NG PANUKALA 56 ANG PAGIGING HULI NG MGA BADYET.

Sinasabi ng 56 na ang mga mambabatas ay haharap sa tunay na parusa kapag huli ang badyet:

- Ito ay nag-aatas sa Lehislatura na manatili sa sesyon at huwag magbakasyon hanggang ipasa nila ang badyet.
- Sinasabi nito na ang mga mambabatas ay mawawalan ng bayad at panggasta para sa bawat araw na huli ang badyet. *Walang badyet...walang bayad.*

ANG PANUKALA 56 AY NAGBABAWAS NG PARTIDISTANG PAGBABARA.

- Ang 56 ay nagbabawas ng iniaatas ng boto sa badyet at mga kaugnay na buwis mula sa dalawang-ikatlo ay magiging 55% para ang maliliit ng grupo ng mga partidistang mambabatas ay hindi mapigilan ang badyet at maharangan ang kompromiso.
- Ang 56 ay nagpapahintulot sa mga mambabatas na iboto ang sinasabi ng kanilang konsiyensiya, sa halip na mapilit na iboto ang linya ng partido. Binabawasan nito ang pagkakasakal ng mga partidong pampulitika sa proseso ng badyet sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapangyarihan sa

Lehislatura upang mabigyang-sala ang mga miyembrong nagbabanta o nagpaparusa sa ibang mga mambabatas para sa kanilang boto sa badyet.

PINANANAGOT NG PANUKALA 56 ANG MGA MAMBABATAS SA KANILANG MGA BOTANTE.

- Ang 56 ay nag-aatas sa mga Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante na magtaglay ng dalawang-pahinang kabuuran ng badyet kabilang ang Internet site upang makita ng mga botante ang BAWAT BOTO ng mga mambabatas sa badyet at mga buwis na may kaugnayan sa badyet.
- ANG MGA MAMBABATAS AY HAHARAP SA PARUSA SA PANAHON NG ELEKSIYON kung hindi sila umakto nang responsable sa badyet at mga buwis.

ANG PANUKALA 56 AY TUMUTULONG NA PIGILAN ANG SOBRANG PAGGASTA SA MAGAGANDANG PANAHON AT ANG MGA KAKULANGAN SA BADYET KAPAG MASAMA ANG PANAHON.

- Ang 56 ay tumutulong na iwasan ang mga kakulangan sa hinaharap sa paglikha ng pondo sa tag-ulan.” Sa kauna-unahang pagkakataon, ito ay mag-aatas na magtabi ng “pondo kapag ang ekonomiya ay malakas upang makatulong na pigilan ang mga kakulangan kapag mahina ang ekonomiya.
- Sa magagandang panahon, hindi kukulugin sa 25% ng sobrang kita ang dapat ideposito sa reserba. Ang perang ito ay puwede lamang gastahin upang tumulong na mapanatili ang mga kasalukuyang serbisyo sa mga taon ng kakulangan o para sa mga emerhensiya tulad ng malalaking sunog o lindol.
- Ang reserba ay hindi puwedeng gamitin upang itaas ang paggasta.

Pagkaraan ng 17 taon ng mga huling badyet, pinagtatakpan mga kakulangan at lumulubog na antas ng bono, kailangan nating tapusin ang pagbabara, lumikha ng isang reserbang badyet at bigyan ang mga botante ng impormasyon upang papanagutin ang kanilang mga mambabatas sa araw ng eleksiyon.

Pinananagot ng Panukala 56 ang mga mambabatas sa kanilang mga aksiyon sa badyet.

BUMOTO NG OO SA PANUKALA 56.

HELEN RUSS, *Presidente*

AARP ng California

DAN TERRY, *Presidente*

Mga Propesyonal na Bumero ng California

CARLA NIÑO, *Presidente*

PTA ng Estado ng California

SAGOT sa Pangangatwiring Panig sa Panukala 56

Gagawin ng Panukala 56 na mas madali sa Lehislatura na itaas ang ating mga buwis. Napakadali.

Pinagaganda ito ng mga tagapagtaguyod sa pamamagitan ng mga kaakit-akit na reporma, pero mag-ingat...

Sa likod ng mga kampana at sipol ng Panukala 56 ay nakalagay ang mga probisyon upang alisin ang 2/3 na pambatasang botong kailangan bago makapagtaas ng buwis ang mga pulitiko ng estado.

Ano ang gagawin nila sa kanilang mga bagong kapangyarihan para itaas ang mga buwis?

ITATAAS NILA ANG MGA BUWIS.

Tingnan ang mga nasa likod ng eksena sa Sacramento:

Sa isa lamang pambatasang sesyon nitong nakaraang taon, ang mga mambabatas ay nagmungkahi ng 100 nakahiwalay na mga pagtaas sa buwis at bayad—\$65 BILYON na mga bagong pagbigat sa mga pamilya, nakatatanda, may-ari ng bahay at negosyo.

Kung ang Panukala 56 ay naging batas, karamihan sa mga mungkahing iyon sa buwis ay naipasa sana.

Kailangan natin ang *tunay* na reporma sa badyet upang papanagutin ang mga mambabatas para sa maayos na paggamit ng mga dolyar na buwis upang matiyak ang mahusay na edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan.

Ang pinakahuli nating kailangan?

Isang panukalang nagpanggap na pananagutan, pero ang totoo ay isang MALAKING LUMANG BLANGKONG TSEKE PARA sa mga dating pulitiko na kumwari ay dinidisciplina nito.

Kung ang Panukala 56 ay pumasa, umasa sa MAS MATATAAS NA BUWIS SA KOTSE, MGA BUWIS sa GAS, MGA BUWIS SA PAGBEBENTA AT MGA BUWIS SA KITA.

At MAS MATATAAS NA BUWIS SA MGA MAY-ARI NG BAHAY.

Si Jon Coupal, presidente ng Howard Jarvis Taxpayers Association, ay nag-ulat: “Ang Panukala 56 ay isang tuwirang atake sa mga nagbabayad ng buwis. Inaalus nito ang mga proteksiyon ng Panukala 13 sa nagbabayad ng buwis at habantong sa mas matataas na buwis sa mga may-ari ng bahay.”

Kaya tingnan sa likod ng mga kampana at sipol ang *tunay* na tanong ng Panukala 56:

Dapat ba nating gawing MAS MADALI sa kanila na itaas ang ating mga buwis?

BUMOTO NG HINDI sa 56!

BETTY JO TOCCOLI, *Tagapangulo*

Bilog ng Mesa sa Maliit na Negosyo ng California

LARRY MCCARTHY, *Presidente*

Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

MARTYN B. HOPPER, *Direktor sa Estado ng California*

Pambansang Pederasyon ng Independiyenteng Negosyo

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 56

Ang *tunay* na layunin ng Panukala 56 ay baguhin ang Konstitusyon ng Estado upang gawing mas madali sa Lehislatura na magtaas ng mga buwis.

Kung ang Panukala 56 ay pumasa, iyan ang eksaktong makukuhang natin: *MAS MATATAAS NA BUWIS*.

- Mas matatas na buwis sa pagbebenta at kita.
- Mas matataas na buwis sa kotse at gas.
- Mas matataas na buwis sa mga nakatatanda at pamilya.
- *Mas matataas na buwis sa parselang buwis sa may ari-arian.*
- Mas matataas na buwis sa maliliit na negosyo at taga-empleyo.

Walang dudang kailangan nating kumilos upang higit na papanagutin ang mga pulitiko ng Sacramento. Pero ang Panukala 56 ay HINDI ang kailangan natin. Ito ay may ilang mabubuting probisyon, pero hindi tayo makakapili. Ito ay isang pakete, na babawasan, hindi dadagdagan ang pananagutan sa Sacramento.

Ang mga grupo ng nagbabayad ng buwis sa Sacramento ay tinatawag itong mapanlinlang na panukalang-batas na **BLANGKONG TSEKENG PANUKALA**. Sa isang kamay, ang Panukala 56 ay nagkukunwaring pinananagot ang mga pulitiko ng estado para sa paghahatid ng isang responsableng badyet. Pero sa kabilang kamay inilalagay nito sa mga pulitiko ring ito ang isang blangkong tseke upang magtaas ng mga buwis, taun-taon.

Iyon ay hindi responsableng reporma sa badyet. Iyon ay isang imbitasyon upang ipasa ang isang iresponsableng badyet sa oras sa pamamagitan lamang ng pagtataas ng alinman at labat ng buwis.

Narito kung paano gumaganap ng Blangkong Tsekeng Panukala:

Sa kasalukuyan, ang Konstitusyon ng Estado ay nag-aatas ng 2/3 boto sa Lehislatura bago sila makapagtaas ng mga buwis ng estado. Ang 2/3 proteksiyon ay isa sa mga bagong pananggalang natin laban sa di-makatwirang pagtataas ng buwis. Ito ay isang proteksiyon na inilagay ng mga botante ng California sa Konstitusyon ng Estado sa pamamagitan ng Panukala 13. *Ang 2/3 pambatasang boto ay nag-aatas ng pagkakasundo ng dalawang partido—mga pampigil at pambalanse.* Ito'y isang hangganan ng pagboto na nagsasabi: *Naiintindihan namin na kung minsan ang mga buwis ay dapat itaas, pero BAGO ninyo gawin iyon: Tiyakin na mayroon kayong pagkakasundo ng dalawang partido. Tiyakin na pinutol ninyo ang pag-aaksaya ng pamahalaan. Tiyakin ninyo na ang pagtataas ng buwis ay lubos na kailangan.*

Nakatago sa Panukala 56 ang isang bagong probisyong pangkontitusyon [Seksiyon 12(f)(1)] na itatapon ang 2/3 pambatasang

botong proteksiyon sa labas ng bintana. Kasama nitong mawawala ang anumang pangangailangan ng pagkakasundo o malakas na katwiran bago makapagtaas ng ating mga buwis ang mga pulitiko sa Sacramento.

Kung ang Panukala 56 ay pumasa, ang Lehislatura ay magkakaroon ng mas malayang kamay upang:

- *Magtaas ng mga buwis sa kotse* (na initaas na ng 300% sa nakaraang taon).
- *Magtaas ng mga buwis sa gas* (kahit na hindi ginagamit ang kita sa transportasyon).
- *Magdadagdag ng bago at pinakamataas na buwis sa parselang buwis sa ari-arian ng may-ari ng babay* (inaprobahan na nila ang mga pagtaas sa ilang may-ari ng babay).
- *Itaas ang mga buwis sa kita at mga buwis sa pagbebenta* (na pinakamataas na sa bansa).
- *Magdadagdag ng mga buwis sa labat ng bagay mula sa lampin hanggang serbesa* (tulad ng iminungkahi nila sa huling pambatasang sesyon).
- *Magpataw ng mga karagdagan buwis sa maliliit na negosyo at tagaempleado* (na magbabagsak lamang ng negosyo at magtataboy ng negosyo sa labas ng estado, at magdadala sa mas maraming tao sa linya ng walang trabaho).

ANG PANUKALA 56 AY MAY ISANG PUNDAMENTAL NA TANONG SA MGA BOTANTE:

Gusto ba nating gawing MAS MADALI sa mga pulitiko sa Sacramento na itaas ang ating mga buwis?

Gasto ba natin?

Samahan kami sa pagpapadala ng malakas na mensahe sa Sacramento. Sabihin sa kanila na WALA NANG MGA BLANGKONG TSEKE. Sabihin sa kanila na PUTULIN ANG PAG-AAKSAYA at simulan ang mas matalinong paggasta ng ating pinaghirapang mga doilyar na buwis.

BUMOTO NG HINDI SA 56.

LARRY MCCARTHY, *Presidente*

Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

ALLAN ZAREMBERG, *Presidente*

Kamara de Komersiyong California

DAVID HERMAN, *Tagapagpaganap na Direktor*

Koalisyon ng mga Nakatatanda

SAGOT SA Pangangatwirang Laban sa Panukala 56

ANG 56 AY ISANG PAKETE NG MGA REPORMA NA MAGKAKASAMANG GUMAGANAP UPANG TAPUSIN ANG PARTIDISTANG PAGBABARA AT MGA HULING BADYET.

Taun-taon ang mga mambabatas ay nagtatakip sa mga kakulangan pagkaraan ng maraming buwan ng partidistang pag-aaway at pag-antala, na nagiging sanhi ng:

- Malalaking kakulangan na nagtutulak ng malalaking pagputol sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan—AT malalaking pagtataas ng buwis.
- Ang mga huling badyet at malalaking kakulangan ay pinahihina ang antas ng kredito ng ating estado.

Ang 56 ay naglalaman ng mahahalagang repormang tumatapos sa partidistang pagbabara, nagpapataw ng mga tunay na bunga para sa mga huling badyet, nag-aatas ng isang reserba upang makatulong na pigilan ang mga kakulangan sa hinaharap, at bigyan ang mga botante ng mga kasangkapan upang papanagutin ang mga mambabatas.

ANG 2/3 BOTO AY WALANG “PANANGGALANG.”

- Sa halip ng pagkakasundo ng dalawang partido, ang 2/3 na iniaatas ay humimok sa partidistang pag-aaway at pagbabara.
- Ang Arkansas at Rhode Island ay ang tanging ibang mga estadong nag-aatas ng hindi kukulangin sa 2/3 boto upang ipasa ang isang badyet.

• Ang 55% boto ay nag-aatas pa rin ng MAS MALAKING mayorya upang ipasa ang ating badyet kaysa 47 ibang mga estado at ang pederal na pamahalaan.

ANG 56 AY HINDI ISANG BLANGKONG TSEKE.

• Ang 56 ay HINDI nagbabago sa ANUMANG mga proteksiyon ng Panukala 13 sa buwis sa ari-arian.

• Ang 56 ay nag-aatas sa Opisyal na Patnubay sa Botante upang magbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa paggasta ng estado at sa mga boto ng inyong mambabatas sa badyet at mga buwis.

• Kung ang mga mambabatas ay bumoto para sa di-makatwirang mga buwis o iresponsableng badyet, *ANG 56 AY NAGBIBIGAY SA INYO NG IMPORMASYONG KAILANGAN NINYO UPANG IBOTO SILA PALABAS NG KATUNGKULAN.*

ANG PANANAGUTAN SA MGA BOTANTE AY ATING PINAKAMABUTING PROTEKSIYON LABAN SA MASASAMANG BADYET.

Ang malaking pagpopondo para sa kalaban ay nanggagaling sa mga kompanya ng langis, tabako at alkohol. Gusto nilang ipagpatuloy ang kasalukuyang kalagayan. Hindi natin kaya ito.

OO SA 56.

LENNY GOLDBERG, *Tagapagpaganap na Direktor*

Kapisanan sa Reporma sa Buwis ng California

JACQUELINE JACOBBERGER, *Presidente*

Liga ng Kababaihang Botante ng California

Ang seksiyong ito ay nagkaloob ng pangkalahatang-tanaw sa kasalukuyang utang sa bono ng estado. Tumatalakay din ito sa epekto ng bonong panukalang-batas sa balotang ito, kung maaprobahan, sa antas ng utang na ito ng utang at sa mga gastos sa pagbabayad.

Batayan

Ano ang Pagtustos ng Bono? Ang pagtustos ng bono ay isang uri ng pangmatagalang paghiram na ginagamit ng estado upang lumikom ng pera para sa iba-ibang layunin. Nakukuha ng estado ang perang ito sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono sa mga namumuhunan. Bilang kapalit, ito ay sumasang-ayong babayaran ang perang ito, na may interes, alinsunod sa isang tinukoy na iskedyul.

Bakit Ginagamit ang mga Bono? Laging ginagamit ng estado ang mga bono upang tustusan ang mga pangunahing proyektong kapital na paglalaan tulad ng mga daan, mga pasilidad ng edukasyon, bilangguan, parke, proyekto sa tubig, at mga gusali ng opisina. Ito ay ginagawa pangunahin dahil sa ang mga pasilidad na ito ay nagkaloob ng mga serbisyo sa maraming taon at ang mga gastos sa mga ito ay mahirap bayaran nang magkakasabay. Kamakailan, gayunman, ang estado ay gumamit din ng pagtustos ng bono upang makatulong na malutas ang malalaking kakulangan sa badyet ng Pangkalahatang Pondo.

Anong mga Uri ng Bono ang Ibinebenta ng Estado? Ang estado ay nagbebenta ng tatlong uri ng bono. Kabilang dito ang:

- **Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono.** Ang mga ito ay binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, na karamihan ay sinusupportahan ng mga kita sa buwis. Ang mga nasabing bono ay may dalawang anyo. Karamihan ay mga *pangkalahatang obligasyong bono*. Ang mga ito ay dapat aprobahan ng mga botante at ang pagbabayad sa mga ito ay iginagarantiya ng Konstitusyon ng Estado. Ang ikalawang uri ay mga bonong *arkila-kita*. Ang mga ito ay hindi nangangailangan ng pag-aproba ng botante, hindi iginagarantiya, at binabayaran mula sa mga bayad sa arkila (pangunahin mula sa Pangkalahatang Pondo) ng mga ahensiya ng estado na gumagamit ng mga pasilidad na tinutustusan ng mga ito. Bilang resulta, ang mga ito ay medyo mataas ang interes kaysa mga pangkalahatang obligasyong bono.
- **Mga Bonong Tradisyunal na Kita.** Ang mga ito ay pangkaraniwang tumutustos sa mga kapital na proyekto pero hindi sinusupportahan ng Pangkalahatang Pondo. Sa halip, ang mga ito ay binabayaran mula sa itinalagang daloy ng kita—karaniwang nililikha ng mga proyektong tinutustusan ng mga ito, tulad ng mga bayad sa tulay. Ang mga bonong ito ay hindi rin nangangailangan ng pag-aproba ng botante.
- **Mga Bonong Kaugnay ng Badyet.** Sa nakalipas na dalawang taon, ang Gobernador at Lehislatura ay nag-awtorisa ng tatlong uri ng bono upang makatulong na lutasin ang problema sa badyet ng estado. Ang mga ito ay ang mga bonong kita sa tabako, isang bonong pagtustos sa kakulangan, at isang pensiyong obligasyong bono. Ang pagbabayad sa mga bono sa tabako ay mula sa pagbabayad sa hinaharap sa California mula sa isang pakikipag-ayos sa mga kompanya ng tabako. Ang pagbabayad ng ibang mga bono ay tuwiran o dituwirang gagastusan ng Pangkalahatang Pondo. (Pagdating ng Nobyembre 2003, may mga hamong legal na nakabimbin sa pareho ng mga bonong ito.)

Ano ang mga Tiuwirang Gastos sa Pagtustos ng Bono? Ang gastos ng estado sa paggamit ng mga bonong ito ay depende pangunahin sa antas ng interes sa mga ito at sa panahon na

mababayaran ang mga ito. Halimbawa, karamihan sa pangkalahatang obligasyong bono ay binabayaran sa 30 taon. Ipagpapalagay na ang kasalukuyang walang-buwis na interes para sa mga nasabing bono (mga 5.25 porsiyento), ang halaga ng pagbabayad sa mga ito sa 30 taon ay mga \$2 para sa bawat dolyar na hiniram—\$1 para sa dolyar na hiniram at \$1 para sa interes. Ang gastos na ito, gayunman, ay pinaghihiwalay sa buong 30 taon, kaya ang gastos pagkaraang iakma sa implasyon ay mas mababa—mga \$1.25 para sa bawat \$1 na hiniram.

Ang Kasalukuyang Kalagayan sa Utang ng Estado

Halaga ng Utang ng Pangkalahatang Pondo. Pagdating ng Nobyembre 2003, ang estado ay may mga \$36 bilyon na utang sa bono ng Pangkalahatang Pondo—mga \$29 na bilyon ng pangkalahatang obligasyong bono at \$7 bilyon ng mga bonong arkila-kita. Gayun din, hindi pa naibebenta ng estado ang mga \$21 bilyon ng inawtorisang bono, dahil ang mga proyektong pinag-uukulan nito ay hindi pa nasisimulan o ang mga ginagawa na ay hindi pa umaabot sa kanilang pangunahing yugto ng pagtatayo. Hindi kabilang dito ang inawtorisang \$10.7 bilyon sa mga bonong pagtustos sa kakulangan at \$1.9 bilyon sa pensiyong obligasyong bono.

Pagbabayad ng Utang. Tinatantiya namin na ang pagbabayad ng utang sa tradisyunal na bonong Pangkalahatang Pondo ay mga \$2.5 bilyon sa 2003-04. Ang halagang ito ay pansamantalang binawasan, gayunman, dahil sa pag-antala sa mga partikular na pagbabayad sa bono upang makatulong na lutasin ang kakulangan sa badyet ng Pangkalahatang Pondo. Ang pagbabayad ng utang ay tataas sa mga \$3.5 bilyon sa 2004-05, habang ang mga naunang inawtorisa pero hindi pa naibebentang bono ay ipinagbibili. Ang mga gastos sa utang sa bono ay tataas sa humigit-kumulang na \$4.1 bilyon sa 2007-08, at unti-unting mababawasan pagkaraan kung walang bagong mga bono na iaawtorisa. Kung ang \$12.3 bilyon sa mga bono sa balota ng Marso ay inaprobahan at maibenta, ang taunang pagbabayad sa utang ay tataas ng mga \$5 bilyon bago lumapas ang 2007-08 bago bumaba sa mga susunod na taon. Ang mga epekto ng taunang Pangkalahatang Pondo na kaugnay sa pag-utang ukol sa badyet na binanggit sa itaas ay ang karagdagang \$2.5 bilyon para sa mga bonong pagtustos sa kakulangan at mga \$410 milyon para sa pensiyong obligasyong bono sa susunod na limang taon.

Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang. Ang antas ng pagbabayad sa utang ng Pangkalahatang Pondo na inihayang bilang persentahe ng mga kita ng estado ay tinatawag na proporsiyon ng serbisyo sa utang ng estado. Ang proporsiyong ito ay tumaas sa mga unang bahagi ng mga taong 1990 at umabot sa higit sa 5 porsiyento sa kalagitnaan ng dekada. Ang proporsiyon ay kasalukuyang nasa mga 3.3 porsiyento, at inaasahang tataas sa 4.6 porsiyento sa 2004-05, at aabot sa 4.9 porsiyento sa 2005-06 habang ang kasalukuyang inawtorisang mga bono ay ibinebenta. Kung ang \$12.3 bilyon sa mga bono sa balotang ito ay inaprobahan at naibenta, ang proporsiyon ay tataas sa mga 5.3 porsiyento sa 2006-07 at pagkaraan ay mababawasan. Kung serbisyo sa utang sa paghiram ukol sa badyet ay isinama sa kalkulasyong ito, ang kabuuang proporsiyon ng serbisyo sa utang ay lulundag sa mga 9 porsiyento at mananatili doon hanggang ang mga bono sa kakulangan at mga pensiyong bono ay mabayaran (malamang na sa 2009-10).

Mga Bonong Panukalang-batas sa Balotang Ito

May isang bonong panukalang-batas sa balotang ito. Ang Panukala 55 ay mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng \$12.3 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon at pagsasaayos ng mga pasilidad ng pampublikong paaralang K-12 at mas mataas na edukasyon. Utang sa Bono ng Estado.

MGA BOTANTENG “TUMANGGING MAGPAHAYAG”

(Mga botanteng hindi kasapi sa isang partidong pampulitika)

Para kanino ako makakaboto?

Kung ikaw ay nakarehistro upang bumoto sa isang partidong pampulitika, maaari ka lamang bumoto sa primaryang eleksiyon para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan mula sa partido na ikaw ay nakarehistro at para o laban sa mga panukalang-batas. Gayunman, kung hindi ka pumili ng isang partidong pampulitika nang magparehistro upang bumoto, may mga partidong pampulitika na magpapahintulot sa iyo na bumoto para sa kanilang mga kandidato. Kung ikaw ay hindi nakarehistro sa isang partidong pampulitika, kung hihilingin ay makakaboto ka sa balota ng alinmang partidong pampulitika na nagpabatid sa Sekretaryo ng Estado na pahihintulutan nito ang mga “di-kasaping” botante upang tumulong na magnomina ng kanilang mga kandidato.

Ang mga sumusunod na partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa mga botante na hindi nakarehistro sa isang partidong pampulitika na humiling at bumoto ng balota ng kanilang partido sa Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004:

- Partidong Amerikanong Independiyente
- Partidong Demokratiko (lahat ng kandidato maliban sa mga kandidato ng komite sentral ng county)
- Partidong Republikano (lahat ng kandidato maliban sa mga kandidato ng komite sentral ng county)

HINDI ka maaaring humiling ng higit sa isang balota ng partido. Kung hindi ka humiling ng isang ispesipikong balota, ikaw ay bibigyan ng isang di-partidistang balota na naglalaman ng mga pangalan lamang ng mga kandidato sa mga katungkulang di-partidista at ng mga panukalang-batas na iboboto sa Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004.

Kung hindi ka nakarehistro sa alinmang partidong pampulitika, at gusto mong malaman kung anong partidong pampulitika ang magpapahintulot sa iyong bumoto sa kanilang balota sa Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004, puwede kang tumawag sa aming walang-bayad na numerong 1-800-345-VOTE o bisitahin ang aming website sa www.MyVoteCounts.org o www.ss.ca.gov.

IMPORMASYON TUNGKOL SA PAHAYAG NG KANDIDATO

Mga Kandidato sa Para Presidente ng Estados Unidos at Para Senador ng Estados Unidos

Para sa impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa katungkulan ng Presidente ng Estados Unidos at Senador ng Estados Unidos, mangyaring bisitahin ang website ng Sekretaryo ng Estado o tumawag sa aming walang-bayad na linya ng botante:

www.ss.ca.gov

1-800-345-VOTE (8683)

Partidong Demokratiko

Ang pamahalaan ng Estados Unidos, lalo na ang isang Presidente, ay may dalawang pangunahing responsibilidad... ang Ekonomiya at Pambansang Seguridad.

Ang ating bansa ay gagawing mas mas malakas sa parehong lugar ng isang bagong Demokratikong Presidente lamang.

Ang mga Demokratiko ay:

- Sumuporta sa mga guro at pinahusay ang mga pampublikong edukasyon na nagresulta sa matataas na puntos sa pagsusulit
- Nagpasa ng mahihigpit na batas upang ilayo sa mga kapitbahayan at paaralan ang mga sandatang pang-atake at Espesyal sa Gabi ng Sabado
- Nagpasa ng reporma sa HMO na ibinibigay sa mga pasyente at sa kanilang mga doktor ang mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan
- Nanguna sa mga pagsisikap na protektahan ang mga nagbabayad ng buwis at ang ating mga pondo sa pensiyon mula sa madadayang korporasyon

Kailangan nating muling ihalal si Senador Barbara Boxer at suportahan ang ating mga kandidato sa Kongreso at Lehislatura ng Estado upang patuloy silang makipaglaban para:

- Protektahan ang karapatan ng isang babae na pumili
- Bawasan ang mararahas na krimen sa ating mga kapitbahayan at paaralan
- Protektahan ang ating Seguridad Sosyal at Medicare at magdagdag ng pagsakop sa iniresetang gamot
- Tulungan ang maliliit na negosyo at magpasa ng mga balanseng badyet
- Protektahan ang ating kapaligiran
- Tapusin ang mga krimen ng pagkamuh

Ang mga Demokratiko at Independiyente ay dapat kaming kontakin upang magtayo ng mas dakilang California. Kami lamang ang partido na nag-iimbiba sa mga Independiyente na bumoto sa ating primaryang Pampanguluhan.

SENATOR ART TORRES (Ret.), *Chairman*

California Democratic Party

1401 – 21st Street, #100, Sacramento, CA 95814-5221

916-442-5707

213-239-8730

FAX: 916-442-5715

E-mail: info@ca-dem.org

Website: www.ca-dem.org

Partidong Natural na Batas

Ang Partidong Natural na Batas ay nag-paalay sa mga botante ng nakatingin sa hinaharap, sentido-komun, maka-pagpigil, subok ng agham na mga solusyon sa mga problema ng Amerika. Ang aming prinsipyo at programa ay batay sa pinakabagong kaalaman sa agham na inihantad ng quantum physics—ang pagkatuklas ng isang pinag-isang larangan na batayan ng lahat ng magkakaibang natural na batas na namamahala sa masalimuot na sandaigdigang, ang nakapaloob na pagkakaisa ng buhay, at ang pundamental na pagkakaugnay ng lahat ng bagay.

Kami ay sumusuporta sa:

- Malilikhaing programa para sa paglinang ng buong makakaya ng *lahat* ng ating estudyante, at lokal na kontrol sa edukasyon
- Pagtataguyod ng mas masagana, mas magkaktugmang relasyong pandaigdig sa pamamagitan ng pagluluwas ng kasanayan ng Estados Unidos sa halip ng mga sandata, pagsuporta sa Kagawaran ng Kapayasaan sa antas na pambansa, at pagbuo ng isang komisyon upang gumawa ng pananaliksik at magrekomenda ng mga mapayapang solusyon sa terorismo
- Pagtatapos ng kontrol ng espesyal na interes sa pulitika sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga PAC
- Pagsasaayos ng ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan kabilang ang pagdaragdag ng mga programang natural na pangangalagang pangkalusugan upang pigilan ang mga sakit at bawasan ang gastos
- Tiyakin ang matatag na ekonomiya sa pamamagitan ng pagbaba ng mga buwis nang responsable at pag-aalis ng maaksayang paggasta
- Subok sa larangan na pagpigil ng krimen at rehabilitasyon
- Pagpaparami ng mga pinanggagalangan ng nagagawang bago, di-nakakaduming enerhiya, na naglilimita sa ating pagdepende sa mga gatong na posil o abok sa bato

- Malalakas na batas sa kapaligiran na tumitiyak ng isang malusog at dalisay na kapaligiran
- Pangangalaga sa panustos na pagkain ng Amerika sa pamamagitan ng maipagpapatuloy, organikong gawain sa agrikultura, at paglalagay ng tatak at ligtas na pagsubok sa mga pagkaing ginawa sa paraang genetiko

NATURAL LAW PARTY OF CALIFORNIA

P.O. Box 462, Felton, CA 95018

831-425-2201

FAX: 831-427-9230

E-mail: nlpca@aol.com

Website: <http://www.natural-law.org>

Partidong Libertarian

Ang Partidong Libertarian ay Amerikanong tulad ng empanadang mansanas. Tulad ninyo, mayroon kaming mga trabaho, negosyo, pamilya at mga pangarap.

Pumasok kami sa pulitika upang ibalik ang kalayaan at mga pinahalagahang Amerikano. Kami ay kumikilos para sa isang pamahalaan na nagbuuwis at gumagasta ng mas kaunti, at hindi gumagambala sa inyong personal na buwhay.

Kung inilalarawan mo ang sarili na mapagbigay sa mga tao at responsable sa pananalapi, ikaw ay isang Libertarian!

Naniniwala kami na kayo—hindi ang pamahalaan—ang dapat magpasiya kung paano patatakbuhan ang inyong buhay, libro ng tseke, pagreretro, edukasyon at pamilya.

Sinusuportahan ng Partidong Libertarian ang inyong karapatan na:

- ingatan ang inyong kinikita. Bawasan o alisin ang mga buwis saanman posible.
- patakbuhan ang sarili ninyong negosyo at pakinabangan ang inyong ari-arian. Ang pagbawas ng mga regulasyon at papeles ay lumilikha ng mga karagdagang trabaho, mas mataas na bayad, at mas mababang presyo.
- edukahan ang inyong mga anak sa paraang angkop sa tingin ninyo.
- piliin ang sarili ninyong pamumuhay. Hindi kayo dapat ituring ng pamahalaan na isang kriminal dahil sa inyong mga pinili sa relasyon, libangan o paggamot na medikal.
- tunay na pantay na pagtrato sa ilalim ng batas anuman ang lahi, kasarian, relihiyon, sekswalidad, o mga personal na katangian.
- mag-angkin ng baril. Ang pagtatanggal sa sarili ay isang karapatan, hindi isang pabor na pampulitika.

May higit sa 60 inihalal na Libertarian sa California at higit sa 525 nanunungkulan sa buong bansa, kami ay isang tunay at lumalaking mapipili.

Tumawag sa 1-800-ELECT-US o pumunta sa <http://www.lp.org>.

Sumama sa amin ngayon!

Libertarian Party of California

14547 Titus Street, Suite 214, Panorama City, CA 91402-4935

1-800-ELECT-US (para sa mga tanong)

1-877-884-1776 (Punong Himpilan sa California)

E-mail: office@ca.lp.org

Website: www.lp.org

Partidong Republikano

Ikinararangal ng mga Republikano ang pamumunong ipinagkakaloob sa ating bansa ni Gobernador Arnold Schwarzenegger at Presidente George W. Bush.

Hangad naming muling mahalal si Presidente Bush, Bise Presidente Dick Cheney, at isang bagong Republikanong Senador ng Estados Unidos sa 2004. Pagkatapos ng trahedyang 9/11, ang Presidente at ang aming partido ay nagpokus sa pag-alis ng terorismo sa mundo at paglayo sa Amerika ng mga terorista. Salamat sa pakete ng kaluwagan sa buwis ni Presidente Bush, ang mga taga-California ay makakapag-ingat ng mas marami ng kanilang sariling pera upang gastahin, impukin, at ipuhunan. Ang ekonomiya ay tumutugon sa maka-kaunlarang mga patakaran sa ekonomiya ni Presidente Bush at lahat ng palatandaan ay nagtuturo sa isang malakas na pagbuti.

Ang Partidong Republikano, sa ilalim ng pamumuno ni Presidente Bush, ay nakalaang magtayo ng isang mas ligtas, mas malakas, at mas mabuting Amerika.

Ang paghalal ng mga Republikano sa katungkulan sa California ay:

- Tumitiyak ng mahusay at responsableng mga pampublikong paaralan para sa ating mga anak at apo.
- Tumitiyak ng abot-kaya at madaling-makuhang pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata, pamilya, at nakatatanda.
- Pinamamalaging mababa ang mga buwis at pinamamalaging patungo ang ekonomiya ng California sa pagbuti at pagsulong.

Samahan kami sa pagbuo ng mas mabuting Amerika at mas mabuting California.

DUF SUNDHEIM, *Chairman*
The California Republican Party
Ronald Reagan California Republican Center
1903 West Magnolia Boulevard, Burbank, CA 91506
818-841-5210
Website: www.cagop.org

Partidong Amerikanong Independiyente

Kailangan ng Amerika at California ang pamumuno ng Partidong Amerikanong Independiyente (Kasapi sa California ng Partidong Konstitusyon). Ipinangangako namin na:

Patigilin ang mga di-nakadependyenteng digmaan na araw-araw ay pumaptay ng mga buhay ng Amerikano at ginagastahan ng bilyun-bilyong dolyar na buwis;

Patigilin ang walang-ingat na paggasta, kabilang ang tulong sa ibang bansa, at pangalagaan ang mga domestikong pangangailangan ng Amerika;

Tapusin ang pagtustos sa pamamagitan ng utang ng Pederal na pamahalaan at pamahalaan ng Estado;

Alisin ang Pederal na buwis sa kita, at ibalik ang sistema ng kita na batay sa taripa;

Tapusin kaagad ang paglahok sa pandaigdig na mga kasunduan sa pangangalakal tulad ng NAFTA at ng WTO, at patigilin ang pagpapadala ng mga trabaho ng Amerika na mataas ang kita sa ibang mga bansa;

Bawasan ang imigrasyon, at patigilin ang lahat ng pagtustos ng pamahalaan sa mga ilegal na dayuhan;

Ipagtanggol ang mga pinahahalagahang moral ng Amerika; panatilihin ang Diyos sa panatang makabayang;

Protektahan ang karapatan sa buhay ng mga inosenteng hindi pa isinisilang;

Suportahan ang matataas na pamantayan sa edukasyon, kabilang ang paghimok sa mga pribadong paaralan at pag-aaral sa bahay;

Patigilin ang pagsasamantala sa mga tagagamit at nagbabayad ng buwis ng mga monopolyo sa enerhiya/utilidad;

Ipagtanggol ang mga karapatan sa Ikalawang Susog;

Ibalik ang walang-utang, walang-interes na sistema ng pera;

Alisin ang buwis sa kotse ng California; walang mga lisensiya ng tsuper sa mga ilegal.

Bumoto para sa Amerikanong Independiyente—ang tanging partido na lubos na sumusuporta sa paninindigan ni Punong Mahistrado Roy Moore para sa karapatan ng Estado na kilalanin ang Diyos at ang Sampung Utos.

JIM KING, *State Chairman*
American Independent Party
21225 Talisman Street, Torrance, CA 90503
619-460-4484
E-mail: sdaip@earthlink.net
Website: www.aipca.org

Partidong Luntian

Ang Partidong Luntian ay kumakatawan sa mga nagtatrabahong pamilya at sa mga nakalimutang gitnang-uri. Gusto namin ng independiyenteng pulitika at responsableng pamahalaan na gumagalang sa mga karapatang pangkonstitusyon at mga kalayaang sibil.

Ang naghihingalong dalawang-partidong sistema ay naglilingkod lamang sa mayayamang korporasyon, nagbibigay ng pabor kapalit ng malalaking

kontribusyon sa kampanya. Ito ay hindi na kumakatawan sa mga may-ari ng maliit na negosyo, mga manggagawa at mahihirap, nakatatanda at sinamang-palad.

Ang Partidong Luntian ay ang pinakamabilis lumaking partidong pampulitika. Alam ng mga botante na panahon na para sa pagbabago.

Muli naming itinatayo ang paraan ng pamahalaan; hindi kami mabibili. Sa halip ng isang maka-korporasyong sistema na itinataguyod ang pagkonsumo at di-maipagpapatuloy na kompetisyon, ginagawa namin itong 10 Pangunahing Pinahahalagahan:

Katalinuhan sa Ekolohiya
Demokrasyang Pangmasa
Kabuhayang Nakabase sa Komunidad
Hustisyang Panlipunan
Desentralisasyon

Walang Karahasan
Peminismo
Responsibilidad na Personal
at Pandaigdig
Paggalang sa Pagkakaiba-iba
Kakayahang makapagpapatuloy

Ang mga botante ay naghahalal ng mga Luntian sa antas ng lungsod, county at estado, na may higit sa 180 nanunungkulan sa bansa. Ang mga Luntian ay nagtatrabaho rin kapag hindi panahon ng eleksiyon sa mga isyung pangkomunidad. Ang aktibismong ito ay pundamental sa aming mga pinahahalagahang pangmasa. Ginagawa namin ang aming sinasabi.

Nagtataguyod kami ng panlahat ng pangangalagang pangkalusugan, panghaliling eherhiya, reporma sa eleksiyon, mga sahod sa pamumuhay at maipagpapatuloy na gawaing pangnegosyo. Nagtatrabaho kami upang ibalik ang kalidad ng ating pang-araw-araw na buhay at mga komunidad.

Green Party of California
P.O. Box 2828, Sacramento, CA 95812
916-448-3437
E-mail: gpc@greens.org
Website: www.cagreens.org, www.cagreens.org/platform

Partidong Kapayapaan at Kalayaan

Makakaboto kayo para sa mga karapatan at pangangailangan ng mga uring manggagawa sa California at sa buong mundo.

Bumoto para sa makabuluhang trabaho para sa lahat; doble ng pinakamababang sahod. Tapusin ang paghihirap at kawalan ng bahay.

Bumoto para sa libre, mahusay na pangangalagang pangkalusugan at edukasyon para sa lahat.

Bumoto para buwisan ang mayayaman upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao.

Bumoto para sa kumpletong proteksiyon at pagpapanumbalik ng ating kapaligiran.

Bumoto upang hayaan ang mga tao sa buong mundo na pagpasiyahan kung paano nila pamamahalaan ang mga sarili. Pauwiin ang lahat ng sundalo ng Estados Unidos at tanggalin ang lahat ng ahenteng nagtataguyod at nagpoprotekta sa mga tubo ng korporasyon. Tapusin ang lahat ng tulong na militar sa ibang bansa.

Bumoto upang tapusin ang diskriminasyon laban sa lahat ng inaaping grupo, gawing posible sa lahat na lumahok sa paraang demokratiko at tumanggap ng pantay na kabahagi.

Ginagamit ng kapitalismo ang ating paggawa at likas na kayamanan upang lumikha ng tubo para sa iilan. Ito ay nagiging sanhi ng digmaan, pagkawasak ng kapaligiran, kahirapan, at kawalan ng pagkakapantay-pantay.

Kailangan nating mga uring manggagawa ng sariling partido. Hindi natin puwedeng asahan ang mga partidong kontrolado ng mga korporasyon at mayayaman na umakto para sa ating mga kapakanan.

Kung magkakasama tayong nagtatrabaho, mababago natin ang sistema. Makakalikha tayo ng isang sosyalistang lipunan kung saan demokratiko at magkakatulon ang ginagamit natin ang mga kayamanan ng kalikasan, ang ating paggawa at ang ating kayamananang panlipunan para sa kabutihan ng lahat.

Magparehistro upang bumoto para sa Partidong Kapayapaan at Kalayaan.

Peace and Freedom Party
P.O. Box 24764, Oakland, CA 94623
510-465-9414
Website: www.peaceandfreedom.org

MGA OPISYAL NG COUNTY SA MGA ELEKSIYON

ALAMEDA COUNTY

Registrar of Voters
1225 Fallon Street, Room G-1
Oakland, CA 94612-4283
510-663-8683
www.acgov.org/rov

ALPINE COUNTY

P.O. Box 158
Markleeville, CA 96120
530-694-2281
www.alpinecountyca.com

AMADOR COUNTY

Elections
500 Argonaut Lane
Jackson, CA 95642
209-223-6465

BUTTE COUNTY

County Clerk-Registrar of Voters
25 County Center Dr., Ste. I
Oroville, CA 95965-3375
530-538-7761
<http://clerk-recorder.buttecounty.net>

CALAVERAS COUNTY

Elections Department
891 Mountain Ranch Road
San Andreas, CA 95249-0971
209-754-6376
www.co.calaveras.ca.us

COLUSA COUNTY

Hall of Records
546 Jay Street
Colusa, CA 95932
530-458-0500
www.colusacountyclerk.com

CONTRA COSTA COUNTY

P.O. Box 271
524 Main Street
Martinez, CA 94553
925-646-4166
[www.co.contra-costa.ca.us/
depart/elect/index.htm](http://www.co.contra-costa.ca.us/depart/elect/index.htm)

DEL NORTE COUNTY

981 "H" Street, Suite 160
Crescent City, CA 95531
707-465-0383

EL DORADO COUNTY

Elections Department
2850 Fairlane Court
P.O. Box 678001
Placerville, CA 95667-8001
530-621-7480
www.co.el-dorado.ca.us/elections

FRESNO COUNTY

2221 Kern Street
Fresno, CA 93721
559-488-3246
www.fresno.ca.gov

GLENN COUNTY

Elections
516 W. Sycamore Street, 2nd Floor
Willows, CA 95988
530-934-6414
[www.countyofglenn.net/dept/
elections/default.asp](http://www.countyofglenn.net/dept/elections/default.asp)

HUMBOLDT COUNTY

3033 H Street, Rm. 20
Eureka, CA 95501
707-445-7678
www.co.humboldt.ca.us/election/

IMPERIAL COUNTY

Registrar of Voters
940 Main Street, Suite 202
El Centro, CA 92243
760-482-4226
www.imperialcounty.net/election/

INYO COUNTY

Elections
P.O. Box F
Independence, CA 93526
760-878-0224
www.countyofinyo.org

KERN COUNTY

Elections
1115 Truxtun Avenue
Bakersfield, CA 93301
661-868-3590
1-800-452-8683
www.co.kern.ca.us/elections/

KINGS COUNTY

Elections
1400 W. Lacey Blvd.
Hanford, CA 93230
559-582-3211 Ext. 4401
www.countyofkings.com

LAKE COUNTY

Registrar of Voters
255 North Forbes Street, Rm. 209
Lakeport, CA 95453-4748
707-263-2372
[www.co.lake.ca.us/countygovernment/
elections/votinginformation.html](http://www.co.lake.ca.us/countygovernment/elections/votinginformation.html)

LASSEN COUNTY

220 S. Lassen Street, Suite 5
Susanville, CA 96130
530-251-8216
<http://clerk.lassencounty.org>

LOS ANGELES COUNTY

12400 Imperial Highway
Norwalk, CA 90650-8350
562-462-2748
www.lavote.net

MADERA COUNTY

Registrar of Voters
209 W. Yosemite Avenue
Madera, CA 93637
559-675-7720
www.madera-county.com

MARIN COUNTY

3501 Civic Center Drive, Rm. 121
San Rafael, CA 94903-3904
P.O. Box E (Mailing Address)
San Rafael, CA 94913
415-499-6456
www.co.marin.ca.us

MARIPOSA COUNTY

4982 - 10th Street
P.O. Box 247
Mariposa, CA 95338
209-966-2007

MENDOCINO COUNTY

501 Low Gap Road, Room 1020
Ukiah, CA 95482
707-463-4371
www.co.mendocino.ca.us/acr/index.html

MERCED COUNTY

2222 "M" Street, Room 14
Merced, CA 95340
209-385-7541
www.co.merced.ca.us

MODOC COUNTY

County Clerk/Elections Office
P.O. Box 130
Alturas, CA 96101-0131
530-233-6201

MONO COUNTY

P.O. Box 237
Bridgeport, CA 93517
760-932-5537

MONTEREY COUNTY

1370 B South Main Street
P.O. Box 1848
Salinas, CA 93901
831-796-1499
www.montereycountyelections.us

NAPA COUNTY

900 Coombs Street #256
Napa, CA 94559-2946
707-253-4321
www.co.napa.ca.us

NEVADA COUNTY

Elections
10433 Willow Valley Road, Suite E
Nevada City, CA 95959
530-265-1298
www.mynevadacounty.com/elections

ORANGE COUNTY

Registrar of Voters
P.O. Box 11298
Santa Ana, CA 92711
714-567-7600
www.oc.ca.gov/election

PLACER COUNTY

2956 Richardson Drive
P.O. Box 5278
Auburn, CA 95603
530-886-5650
www.placer.ca.gov/elections

PLUMAS COUNTY

County Clerk/Elections Office
520 Main Street, Room 102
Quincy, CA 95971
530-283-6256
www.countyofplumas.com

RIVERSIDE COUNTY

Registrar of Voters
2724 Gateway Drive
Riverside, CA 92507-0918
909-486-7200
www.voteinfo.net

SACRAMENTO COUNTY

Voter Registration & Elections
7000 65th Street, Suite A
Sacramento, CA 95823-2315
916-875-6276
www.co.sacramento.ca.us/elections

SAN BENITO COUNTY

Courthouse
440 Fifth Street, Room 206
Hollister, CA 95023-3843
831-636-4016

SAN BERNARDINO COUNTY

Registrar of Voters
777 East Rialto Avenue
San Bernardino, CA 92415-0770
909-387-8300
www.sbcrov.com

SAN DIEGO COUNTY

Registrar of Voters
5201 Ruffin Road, Suite I
San Diego, CA 92123
858-565-5800
www.sdvote.com

SAN FRANCISCO COUNTY

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 4
San Francisco, CA 94102
415-554-4375
www.sfgov.org/elections

SAN JOAQUIN COUNTY

Registrar of Voters
212 N. San Joaquin Street
Stockton, CA 95201
209-468-2890
www.co.san-joaquin.ca.us/elect

SAN LUIS OBISPO COUNTY

Elections Division
1144 Monterey Street, Suite A
San Luis Obispo, CA 93408
805-781-5228
www.sloelections.org

SAN MATEO COUNTY

Registration and Elections Division
40 Tower Road
San Mateo, CA 94402
650-312-5222
www.shapethefuture.org

SANTA BARBARA COUNTY

1101 Anacapa St., 2nd Flr.
(Mailing: P.O. Box 159)
Santa Barbara, CA 93102
805-568-2200 or
1-800-SBC-VOTE
www.sb-democracy.com

SANTA CLARA COUNTY

1555 Berger Drive, Building #2
San Jose, CA 95112
408-299-VOTE (8683)
www.sccvote.org

SANTA CRUZ COUNTY

701 Ocean Street, Room 210
Santa Cruz, CA 95060-4076
831-454-2060
www.votescount.com

SHASTA COUNTY

1643 Market Street
Redding, CA 96001
(Mailing: P.O. Box 990880
Redding, CA 96099-0880)
530-225-5730
www.co.shasta.ca.us

SIERRA COUNTY

County Clerk-Recorder
100 Courthouse Square, Rm. 11
P.O. Drawer D
Downieville, CA 95936
530-289-3295
www.sierracounty.ws

SISKIYOU COUNTY

311 Fourth Street, Room 201
P.O. Box 338
Yreka, CA 96097-0338
530-842-8086
www.co.siskiyou.ca.us

SOLANO COUNTY

Registrar of Voters
510 Clay Street
P.O. Box I
Fairfield, CA 94533
707-421-6675
1-888-933-VOTE (8683)
www.solanocounty.com/elections

SONOMA COUNTY

435 Fiscal Drive
Santa Rosa, CA 95403
P.O. Box 11485 (95406-1485)
707-565-6800
1-800-750-VOTE
www.sonoma-county.org/regvoter

STANISLAUS COUNTY

County Clerk-Recorder
1021 "I" Street, Suite 101
Modesto, CA 95354-2331
209-525-5200
www.stanvote.com

SUTTER COUNTY

Registrar of Voters
463 Second Street
Yuba City, CA 95991
530-822-7122
www.suttercounty.org

TEHAMA COUNTY

444 Oak Street, Room C
P.O. Box 250
Red Bluff, CA 96080
530-527-8190
www.co.tehama.ca.us

TRINITY COUNTY

Elections
101 Court Street
P.O. Box 1215
Weaverville, CA 96093-1215
530-623-1220
www.trinitycounty.org/elections

TULARE COUNTY

Elections
221 S. Mooney Blvd., Room G-28
Visalia, CA 93291-4596
559-733-6275
www.tularecoauditor.org/elections

TUOLUMNE COUNTY

County Clerk & Elections Dept.
39 N. Washington Street, Suite A
(Mailing: 2 S. Green Street)
Sonora, CA 95370
209-533-5570

VENTURA COUNTY

Elections Division
800 S. Victoria Avenue, L-1200
Ventura, CA 93009-1200
805-654-2664
www.ventura.org/election/elecidx.htm

YOLO COUNTY

625 Court Street, Room B05
Woodland, CA 95695
P.O. Box 1820
Woodland, CA 95776-1820
530-666-8133
www.yoloelections.org

YUBA COUNTY

Elections
935 14th Street, Ste. 107
Marysville, CA 95901
530-741-6545
www.co.yuba.ca.us

KAILANGANG MAHANAP ANG INYONG LUGAR NA BOTOHAN?

Bisitahin ang aming website sa www.ss.ca.gov at klikan ang imahen ng lugar ng botohan.



Hanapin ang iyong lugar na botohan **Ang iyong lugar na botohan** ay nakalista rin sa likod ng pabalat ng iyong Halimbawang Balota na ipinakoreo sa iyo ng opisyal sa mga eleksiyon ng iyong county.

Tawagan ang iyong Opisina sa mga Eleksiyon ng County para sa tulong.

GUSTONG KUMITA NG PERA AT MAKAGAWA NG PAGKAKAIBA? MAGLINGKOD BILANG MANGGAGAWA SA BOTOHAN SA ARAW NG ELEKSIYON!

Makakapaglingkod ka bilang manggagawa sa botohan kung ikaw ay:

- Isang Nakarehistrong Botante
— O —
- Isang Estudyante ng Mataas na Paaralan, na:
 - Mamamayan ng Estados Unidos
 - Hindi kukulangin sa 16 na taong gulang sa oras na siya ay maglilingkod
 - Magtatapos na may GPA na hindi kukulangin sa 2.5
 - Isang estudyanteng may mabuting katayuan sa isang pampubliko o pribadong paaralan

Puwede kang magbakasyon sa trabaho upang maglingkod bilang isang manggagawa sa botohan, nang hindi mawawalan ng sahod kung:

- Ikaw ay empleyado ng estado
- Nagbigay ka ng sapat na paunawa sa iyong kagawaran, at ang iyong tagapamahala o superbisor ay nag-aproba sa kahilingan

Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng karanasan, ang mga manggagawa ay puwedeng kumita ng pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Eleksiyon. Kontakin ang opisyal sa mga eleksiyon ng iyong county, o tumawag sa 1-800-345-VOTE, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging manggagawa sa botohan.

ANG PROSESO NG PAGBOTO NG NAGPAPADALA LAMANG

Sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng balota ng nagpapadala lamang. Sa halip na pumunta sa mga botohan upang bumoto sa Araw ng Eleksiyon, maaari kang mag-aplay para sa balota ng nagpapadala lamang, na kailangan mong sagutan at ibalik sa opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon.

Upang mag-aplay para sa balota ng nagpapadala lamang, maaari mong gamitin ang aplikasyong nakalagay sa iyong Halimbawang Balota, na matatanggap mo bago ang bawat eleksiyon, o mag-aplay sa pamamagitan ng liham sa opisyal sa mga eleksiyon ng iyong county. Kailangang mong magsumite ng isang sinagutang aplikasyon o liham sa opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon sa pagitan ng 29 araw at 7 araw bago ang eleksiyon. Ang aplikasyon o liham ay dapat magtaglay ng:

1. iyong pangalan at tirahan gaya ng nakalagay sa iyong kard ng pagpaparehistro;
2. ang tirahan na gusto mong ipadala ang balota ng nagpapadala lamang (kung iba sa iyong nakarehistrong tirahan);
3. ang pangalan at petsa ng eleksiyon na gusto mong bumoto bilang nagpapadala lamang; at
4. at petsa ang iyong pirma.

Sa sandaling maayos ang iyong aplikasyon ng opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon, ang angkop na uri/istilo ng balota ay ipapadala sa iyo. Pagkaboto mo, ipasok ang iyong balota sa sobrang ibinigay para sa layuning ito, tinitiyak na nailagay mo sa sobre ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Maaari mong ibalik ang ibinotong balota ng nagpapadala lamang sa pamamagitan ng:

1. pagpapakoreo nito sa opisyal sa mga eleksiyon ng iyong county;
2. personal na pagbabalik nito sa isang lugar na botohan o opisina sa eleksiyon sa loob ng iyong county sa Araw ng Eleksiyon; o
3. pag-awtorisa sa isang legal na mapapahintulutang ikatlong partido (kamag-anak o taong nakatira sa sambahayang kinabibilangan mo) upang ibalik ang balota para sa iyo.

Paano man ibinalik ang balota, ito ay DAPAT matanggap bago magsara ang mga botohan (ika-8 ng gabi) sa Araw ng Eleksiyon. Ang mga huling-dumating na balota ng nagpapadala lamang ay hindi ibinibilang.

Sa sandaling ang iyong ibinotong balota ng nagpapadala lamang ay matanggap ng opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon, ang iyong pirma sa sobre ng pagbabalik ng balota ng nagpapadala lamang ay ihahambing sa pirma sa iyong kard ng pagpaparehistro ng botante upang matiyak na ikaw ang inawtorisang botante. Upang mapangalagaan ng pagiging lihim ng iyong balota, ang balota ay ihihawalay sa sobre at ang balota ay magiging di-kilala at lihim na tulad ng ibang balota.

MAG-APLAY PARA MAGING PERMANENTENG BOTANTE SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Sinumang botante ay maaaring mag-aplay para sa KATAYUAN BILANG BOTANTENG NAGPAPADALA LAMANG (Kodigo sa mga Eleksiyon §3201). Ang mga botanteng ito ay awtomatikong pinadadalhan ng balota sa pamamagitan ng koreo para sa bawat eleksiyon nang hindi kailangang sagutan ang aplikasyon sa tuwina. Mangyaring kontakin ang opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon upang maging permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo kung gusto mong tumanggap ng mga balota ng bumoboto sa pamamagitan ng koreo para sa lahat ng eleksiyon sa hinaharap. Upang malaman kung sino ang opisyal ng iyong county sa mga eleksiyon, pumunta sa pahina 18 ng patnubay na ito o online sa www.ss.ca.gov/elections/elections_d.htm upang tingnan ang listtahan ng impormasyon sa kontak para sa lahat ng opisyal ng county sa mga eleksiyon.

LUMIPAT KA BA?

Kapag lumipat ka sa isang bagong tirahan, dapat mong isapanahon ang iyong pagpaparehistro bilang botante. Ito ay mahalaga upang makatanggap ka sa koreo ng impormasyon tungkol sa eleksiyon, at upang matiyak din na makakaboto ka sa lahat ng angkop na kandidato at panukalang-batas.

Gayunman, kung lumipat ka sa isang bagong tirahan *sa county na kapareho* ng iyong lumang tirahan, at hindi mo naisapanahon ang iyong pagpaparehistro, mayroong batas na “walang-kabiguan” na nagsasabi sa iyo na puwede ka pa ring bumoto.

Upang magawa ito, dapat kang pumunta sa lugar ng botohan na angkop sa bago mong tirahan. Upang malaman ang iyong lugar na botohan, tingnan ang pahina 20 ng buklet na ito.

Dahil ang iyong pagpaparehistro bilang botante ay hindi nagpapakita ng iyong kasalukuyang tirahan, ang iyong pangalan ay wala sa listahan ng mga botante sa lugar na botohan pero puwede kang humiling ng isang “**pansamantalang**” balota. Ito ay katulad ng isang regular na balota, pero ito ay ipinapasok sa isang espesyal na sobre at ibibilang lamang pagkatapos masuri ng opisyal sa mga eleksiyon upang matiyak na ikaw ay wastong nagparehistro upang bumoto. Tiyakin na pinirmahan ang sobre!

Kung lumipat ka sa isang bagong tirahan sa ibang county, dapat kang muling magparehistro upang bumoto at ang prosesong “walang-kabiguan” ay hindi angkop.

Ang huling araw para magparehistro upang bumoto sa Pampanguluhang Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004 ay ika-17 ng Pebrero, 2004.

(TALA: Kung lumipat ka sa iyong bagong tirahan pagkaraan ng ika-17 ng Pebrero, puwede kang bumalik sa iyong dating lugar na botohan upang bumoto.)

ANO ANG HAVA?

Ang pederal na Batas Para Tulungan ang Amerika na Bumoto o HAVA ay pinirmahan ng Presidente para maging batas noong Oktubre 2002. Ito ay ginaw aupang pigilan ang mga problemang naranasan sa Florida noong eleksiyong pampanguluhan ng Nobyembre 2000 sa pamamagitan ng pagkaloob ng pagsasamoderno ng mga sistema ng pagboto, pagsasanay ng opisyal sa mga eleksiyon at manggagawa sa botohan, edukasyon ng botante, daan sa mga sistema ng pagboto ng mga indibidwal na may mga kapansanan o nangangailangan ng panghaliling wika, isang pambuong-estadong balota, at ibang mga pagbabago. Marami sa mga repormang nakalagay sa HAVA ay ginawang huwaran ang kasalukuyang batas ng Estado ng California. Gayunman, lahat ng probisyon ng HAVA ay ipinatutupad upang matiyak na ang bawat may-bisang boto ay ibibilang at mahalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatupad ng HAVA sa California, mangyaring tingnan ang www.MyVoteCounts.org.

Panukala 55

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-Batas 16 ng Asembleya ng Regular na Sesyon ng 2001–2002 (Kabanata 33, Mga Batas ng 2002) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga Seksiyon sa Kodigo sa mga Eleksiyon; dahil dito, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipahiwatig na ang mga ito ay bagong.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 31. Bahagi 68.2 (nagsisimula sa Seksiyon 100800) ay idinaragdag sa Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

BAHAGI 68.2. BATAS SA BONO NG 2004 PARA SA MGA PASILIDAD SA EDUKASYON NG KINDERGARTEN–UNIBERSIDAD

KABANATA 1. PANGKALAHATAN

100800. Ang bahaging ito ay dapat makilala at maaaring tawagin na *Batas sa Bono ng 2004 Para sa mga Pasilidad sa Edukasyon ng Kindergarten–Unibersidad*.

100801. Ang pagsasama ng, ang pagtukoy sa, anumang probisyon ng batas ng California sa bahaging ito ay kabilang ang lahat ng aksiyong nagsusug dito at nagdaragdag dito.

100803. (a) Ang mga bono na may kabuuang halagang labindalawang bilyon tatlong daang milyon doilyar (\$12,300,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa mga Seksiyon 100844 at 100955, o kung anumang kailangan, ay maaaring iisyu at ibenta upang magkaloob ng isang pondo na gagamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning inihayag sa bahaging ito at upang bayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo sa Pamahalaan. Ang mga bono, kapag ibinenta, ay dapat na balido at binubuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang lubos na katapatan ang kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran.

(b) Alinsunod sa Seksiyong ito, ang Tesorero ay dapat magbenta ng mga bonong inawtorisa ng Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado na itinatang ng Seksiyon 15909 o ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad sa Mas Mataas na Edukasyon na itinatang alinsunod sa Seksiyon 67353, sa anumang magkakabang panahong kailangan upang serbisyuhan ang mga paggastang kinakailangan ng pagbaha-bahagi.

KABANATA 2. KINDERGARTEN HANGGANG IKA-12 GRADO

Artikulo 1. Mga Probisyon ng Programa sa mga Pasilidad ng Kindergarten Hanggang Ika-12 Grado

100810. Ang mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksiyon 100825) ay dapat ideposito sa Pondo ng 2004 sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado, na itinatang sa Seksiyon 17070.40, at dapat ilaan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado alinsunod sa kabanatang ito.

100815. Lahat ng perang idineposito sa Pondo ng 2004 sa mga Pasilidad ng Estado para sa mga layuning ng kabanatang ito ay dapat makuha at, sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas na kasalungat, ay inilalaan dito upang magkaloob ng tulong sa mga distrito ng paaralan, mga superintendente ng mga paaralan ng county, at mga lupon sa edukasyon ng county ng estado alinsunod sa Batas na Leroy F. Greene ng 1998 sa mga Pasilidad ng Paaralan (Kabanata 12.5 (nagsisimula sa 17070.10) ng Bahagi 10), gaya ng nakalagay sa Seksiyon 100820, upang magkaloob ng mga pondo para bayaran ang anumang perang ipinauna o ipinautang sa Pondo ng 2004 sa mga Pasilidad ng Estado sa ilalim ng anumang batas ng Lehiyatara, kasama ang interes na itinatatag na ng batas na ito, at upang bayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo sa Pamahalaan.

100820. (a) Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono, na inisyu at ibinenta para sa mga layuning ng kabanatang ito, ay dapat ilaan alinsunod sa mga sumusunod na iskedyul:

(1) Ang halagang limang bilyon dalawang daan animnapung milyong doilyar (\$5,260,000,000) para sa pagpopondo ng proyekto para sa bagong konstruksiyon ng mga pasilidad ng paaralan ng mga aplikanteng distrito ng paaralan sa ilalim ng Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga aplikasyon ng paghihirap.

(A) Sa halagang inilaan alinsunod sa talataang ito, hanggang tatlong daang milyon doilyar (\$300,000,000) ay dapat makuha para magkaloob ng mga pasilidad ng paaralan sa mga kinontratang paaralan alinsunod sa batas na pinagtibay pagkaraan ng petsang nagkabisang ang batas na pinagtibay ng seksiyong ito.

(B) Kung ang Batas ng 2002 sa Ipinagkakatiwalang Pondo sa Pabahay at Emerhensiyang Tinahan ay isinumite sa mga botante sa ika-5 ng Nobyembre, 2003, ang pangkalahatang eleksiyon ay nabigong ipasa ng mga botante, ang halagang inilaan alinsunod sa talataang ito, dalawampung-limang milyong doilyar (\$25,000,000) ang dapat makuha para sa mga layuning ng mga Seksiyon 51451.5, 51453, at 51455 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(2) Ang halagang dalawang bilyon dalawang daan limampung milyong doilyar (\$2,250,000,000) para sa pagsasamoderno ng mga pasilidad ng paaralan alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga aplikasyon ng paghihirap.

(3) Ang halagang dalawang bilyon apat na daan apatnapung milyong doilyar (\$2,440,000,000) para ideposito sa Kuwenta ng 2004 sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado alinsunod sa subdibisyon (e) ng Seksiyon 17078.10 para sa mga layuning nakalagay sa Artikulo 11 (nagsisimula sa Seksiyon 17078.10) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 na may kaugnayan sa mga nagsisikip na paaralan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga aplikasyon ng paghihirap, at anumang ibang bagong proyektong konstruksiyon o pagsasamoderno na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 17078.30.

(4) Ang halagang limampung milyong doilyar (\$50,000,000) para sa mga layuning nakalagay sa Artikulo 10.6 (nagsisimula sa Seksiyon 17077.40) ng Kabanata 12.5 ng Bahagi 10 na may kaugnayan sa mga proyektong magkasamang ginagamit, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga aplikasyon ng paghihirap.

(b) Ang mga distrito ng paaralan ay maaaring gumamit ng mga pondong inilaan alinsunod sa talataang (2) ng subdibisyon (a) lamang para sa isa o higit ng mga sumusunod na layuning alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10:

(1) Ang pagbili at instalasyon ng kagamitang pangkondisyon ng hangin at mga materyal ng insulasyon, at mga kaugnay na gastos.

(2) Mga proyektong konstruksiyon o ang pagbili ng muwebles o kagamitan na idinisenyo upang itaas ang seguridad ng paaralan o kaligtasan ng palaruan.

(3) Ang pagtukoy, pagtasa, o pagpapagaan sa mga pasilidad ng paaralan ng mga mapanganib na asbestos.

(4) Pagpopondo ng proyekto para sa mataas na priyoridad na pagpapalit ng bubong.

(5) Anumang ibang pagsasamoderno ng mga pasilidad alinsunod sa Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10.

(c) Ang mga pondong inilaan alinsunod sa talataang (1) ng subdibisyon (a) ay maaari rin gamitin upang magkaloob ng mga bagong gawad na konstruksiyon para sa mga kanapat-dapat na aplikanteng lupon sa edukasyon ng county sa ilalim ng Kabanata 12.5 (nagsisimula sa Seksiyon 17070.10) ng Bahagi 10 para sa pagpopondo ng mga silid-aralan para sa mga mag-aaral na malubha ang kapansanan, o para sa pagpopondo ng mga silid-aralan para sa mga mag-aaral ng paaralan ng komunidad ng county.

(d) (1) Ang Lehiyatara ay maaaring susugan ang seksiyong ito upang iakma ang mga halaga ng pondo na tinukoy sa mga talataan (1) hanggang (4), inklusibo, ng subdibisyon (a), sa pamamagitan lamang ng alinman sa mga sumusunod na paraan:

(A) Sa pamamagitan ng isang batas, ipinasa ng bawat kapulungan ng Lehiyatara sa botong rolkol na ipinasok sa mga kaukulang talaan, sinang-ayunan ng hindi kukulangin sa dalawang-ikatlo ng mga miyembro ng bawat kapulungan, kung ang batas ay kaayon ng, at nagsusulong sa mga layuning, ng kabanatang ito.

(B) Sa pamamagitan ng isang batas na magkakabisang lamang kapag inaprobahan ng mga botante.

(2) Ang mga susog alinsunod sa subdibisyon (a) ay maaaring iakma ang mga halagang gagastahin alinsunod sa mga talataan (1) hanggang (4), inklusibo, ng subdibisyon (a), pero hindi maaaring dagdagan o bawasan ang kabuuang halagang gagastahin alinsunod sa subdibisyon (a).

(e) Mula sa kabuuang mga halagang nakalagay sa mga talataan (1) hanggang (4), inklusibo, ng subdibisyon (a), isang kabuuan ng hindi hibigit sa dalawampung milyong doilyar (\$20,000,000) ay dapat gamitin para sa mga gastos sa mga pag-aakma ng konserbasyon ng enerhiya na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 17077.35.

(f) Ang mga pondong makukuha alinsunod sa Seksiyong ito ay maaaring gamitin para sa pagkuha ng mga pasilidad ng paaralan na inawtorisa alinsunod sa Seksiyon 17280.5.

Artikulo 2. Mga Probisyon sa Pananalapi ng Programa sa mga Pasilidad ng Kindergarten Hanggang Ika-12 Grado

100825. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong inawtorisang iisyu at ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 100800), mga bono sa kabuuang halagang sampung bilyon doilyar (\$10,000,000,000), hindi kabilang ang anumang bonong inisyu alinsunod sa Seksiyon 100844, o kung anumang kailangan, ay maaaring iisyu at ibenta upang magkaloob ng pondong gagamitin sa pagsasakatuparan ng mga layuning inihayag sa kabanatang ito at upang bayaran ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo sa Pamahalaan. Ang mga bono, kapag ibinenta, ay dapat na balido at binubuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang lubos na

Iminumungkahing batas

Panukala 55 (ipinagpapatuloy)

katapatan ang kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran.

(b) Alinsunod sa Seksiyong ito, ang Tesorero ay dapat magbenta ng mga bonong inawtorisa ng Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado na itinatag alinsunod sa Seksiyon 15909 sa anumang magkakaibang panahon na kailangan upang serbisuhin ang mga paggastang kinakakailangan ng mga pagbaha-bahagi.

100827. Ang Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado, itinatag ng Seksiyon 15909 at binubuo ng Gobernador, Kontroler, Tesorero, Direktor ng Pananalapi, at ng Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo, o ang kanilang mga itinalagang kinatawan, lahat ay dapat na naglilingkod ng walang bayad, at ang isang mayoriya ay binubuo ng isang korum, ay namamalagi para sa layunin ng kabanatang ito. Ang Tesorero ay dapat magsilbing tagapangulo ng komite. Dalawang Miyembro ng Senado na hinirang ng Komite sa mga Tuntunin ng Senado, at dalawang Miyembro ng Asembleya na hinirang ng Ispiker ng Asembleya, ay dapat magpulong at magkaloob ng payo sa komite kung ang pagpapayo ay hindi kasalungat ng kanilang mga kaukulang posiyon bilang mga Miyembro ng Lehislatura. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga Miyembro ng Lehislatura ay dapat bumuo ng isang pansamantalang komiteng nag-iimbistiga sa paksang kabanatang ito at, bilang komiteng iyon, ay dapat magkaroon ng mga kapangyarihang ipinagkaloob, at mga tungkuling iniaataang, sa mga komite ng Pinagsamang mga Tuntunin ng Estado at ng Asembleya. Ang Direktor ng Pananalapi ay dapat magkaloob ng tulong sa komite na maaari nitong iatas. Ang Abogado Heneral ng estado ang tagapayong pambatas ng komite.

100830. (a) Ang mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay dapat ibanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan), at lahat ng mga probisyon ng batas, maliban sa Seksiyon 16727 ng Kodigo sa Pamahalaan, ay umaaplay sa mga bono at sa kabanatang ito at isinasama dito na waring nakalagay nang buo sa loob ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang Lupon sa Paglalaan ng Estado ay itinalagang ang "lupon" para sa layuning pangasiwaan ang Pondo ng 2004 sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado.

100832. Sa kahilingan ng Lupon sa Paglalaan ng Estado sa pana-panahon, sinusupportahan ng isang pahayag ng pagbaha-bahaging ginawa at gagawin para sa mga layuning inilarawan sa Seksiyon 100815 at 100820, ang Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito upang pondohan ang mga pagbaha-bahagi at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong dapat iisyu at ibenta. Ang mga magkakasunod na pag-isyu ng bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang pondohan ang mga pagbaha-bahagi nang pataas, at hindi kailangan na ang lahat ng bono ay iisyu o ibenta sa isang panahon.

100834. May kailangang kulektahin taun-taon, sa paraan at panahong katulad ng pagkulekta sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, isang halagang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong ito kada taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkuling may kaugnayan sa pagkulekta ng kita na gawin at gampanan ang bawat bakbang na kailangan upang makulekta ang karagdagang halaga.

100835. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, inilalaan dito mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoreriya ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang isang halagang kapanatay ng kabuwan ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at ang interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta gaya ng itinatadhana rito, kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksiyon 100840, inilalaan nang walang pagsasalang-alang sa mga taon ng pananalapi.

100836. Ang Lupon sa Paglalaan ng Estado ay maaaring humiling sa Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi na gumawa ng pantung mula sa Kuwenta sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi o anumang ibang inaprobang anyo ng pansamantalang pagtustos, o alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo sa Pamahalaan, para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na, sa pamamagitan ng resolusyon, ay inawtorisa ng komite na ibenta para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito. Ang lupon ay dapat gumawa ng anumang dokumentong iniaatas ng Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi upang makuha at mabayaran ang pantung. Anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondong nilalaan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.

100838. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung ang Tesorero ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na kasama ang isang opinyon ng tagapayo sa bono na may epektong ang interes sa mga bono ay hindi isinasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis, napapalalim sa mga itinalagang kondisyon, ang Tesorero ay maaaring magpanatili ng mga magkahiwalay na kuwenta para sa pamumuhunan

ng mga nalikom sa bono at para sa mga kita ng pamumuhunan sa mga nalikom na ito. Ang Tesorero ay maaaring gumamit o pangasiwaan ang paggamit ng mga nalikom o kita upang bayaran ang anumang pagbabalik, multa, o ibang kabayaranang iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang mapanatili ang katayuang hindi nagbabayad ng buwis ng mga bonong ito o upang kumuha ng ibang bentabe sa ilalim ng pederal na batas para sa mga pondo ng estadong ito.

100840. Para sa mga layuning isakatuparan ang kabanatang ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pag-aalis mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng Komite sa Pananalapi ng Pagtatayo ng Paaralan ng Estado upang ibenta para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa Pondo ng sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado na kaayon ng kabanatang ito. Anumang perang inihanda sa ilalim ng Seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang halagang kapanatay ng interes na dapat kinita ng pera sa Kuwenta sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi, mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito.

100842. Lahat ng perang idineposito sa Pondo ng 2004 sa mga Pasilidad ng Paaralan ng Estado, na nanggaling sa mga hulog at natipong interes sa mga bono ay dapat ireserba sa pondo at dapat makuha para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.

100844. Ang mga bono ay maaaring gawan ng pagsasauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-aproba ng mga botante ng estado sa pag-isyu ng mga bonong inilarawan sa kabanatang ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng mga bono upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng kabanatang ito o anumang naunang inisyung nagsasauling mga bono.

100846. Ipinasiya at ipinahahayag dito ng Lehislatura na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" kung paano ginagamit ang katawagang ito sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapalalim sa mga limitasyong ipinatay ng Artikulong iyon.

KABANATA 3. MGA PASILIDAD NG MAS MATAAS NA EDUKASYON

Artikulo 1. Pangkalahatan

100850. (a) Ang sistema ng pampublikong mas mataas na edukasyon sa estadong ito ay kabilang ang Unibersidad ng California, Kolehiyong Hastings ng Batas, Unibersidad ng Estado ng California, mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, at ang kanilang mga kaukulang sentro sa labas ng kampus.

(b) Ang Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon ay itinatag dito sa Tesoreriya ng Estado para ideposito ang mga pondo mula sa mga nalikom sa bono na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng kabanatang ito.

(c) Ang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad sa Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksiyon 67353 ay inawtorisa rito na gumawa ng utang o mga utang, liabilidad o mga liabilidad, ng Estado ng California alinsunod sa kabanatang ito para sa layuning magkaloob ng mga pondo upang tulungan ang Unibersidad ng California, Kolehiyong Hastings ng Batas, Unibersidad ng Estado ng California, at ang mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

Artikulo 2. Mga Probisyon ng Programa na Angkop sa Unibersidad ng California at sa Kolehiyong Hastings ng Batas

100852. (a) Mula sa mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksiyon 100900), ang halagang anim na raan siyamnapung milyon dolar (\$690,000,000) ay dapat ideposito sa Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon para sa mga layunin ng Artikulong ito. Kapag inilaan, ang mga pondong ito ay dapat makuha para sa paggasta para sa mga layunin ng Artikulong ito.

(b) Sa mga layunin ng Artikulong ito ay kabilang ang pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtustos na kapital na paglalaan ng Unibersidad ng California at ng Kolehiyong Hastings ng Batas.

(c) Ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bono na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng Artikulo ay maaaring gamitin upang pondohan ang konstruksiyon ng mga kasalukuyang kampus, kabilang ang konstruksiyon ng mga gusali at pagkuha ng mga kaugnay na ikinakabit, konstruksiyon ng mga pasilidad na maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mas mataas na edukasyon (intersegmental), ang pagsasaayos at muling pagtatayo ng mga pasilidad, pagkuha ng lugar, ang paglalagay ng kagamitan sa bago, inayos, o muling itinatayong mga pasilidad, na ang kagamitan ay dapat na pangkaraniwang nagagamit sa 10 taon; at upang magkaloob ng mga pondo

Iminumungkahing batas

Panukala 55 (ipinagpapatuloy)

para sa pagbabayad ng mga gastos bago ang konstruksiyon, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga preliminaryong plano at mga guhit para sa mga pasilidad ng Unibersidad ng California at ng Kolehiyong Hastings ng Batas.

Artikulo 3. Mga Probisyon ng Programang Angkop sa Unibersidad ng Estado ng California

100853. (a) Mula sa mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksiyon 100900), ang halagang anim na raan siyamnapung milyon doilyar (\$690,000,000) ay dapat ideposito sa Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon para sa mga layunin ng Artikulong ito. Kapag inilaan, ang mga pondong ito ay dapat makuha para sa paggasta para sa mga layunin ng Artikulong ito.

(b) Sa mga layunin ng Artikulong ito ay kabilang ang pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtustos na kapital na paglalaan ng Unibersidad ng ng Estado ng California.

(c) Ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bono na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng Artikulo ay maaaring gamitin upang pondohan ang konstruksiyon ng mga kasalukuyang kampus, kabilang ang konstruksiyon ng mga gusali at pagkuha ng mga kaugnay na ikinakabit, konstruksiyon ng mga pasilidad na maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mas mataas na edukasyon (intersegmental), ang pagsasabay sa muling pagtatayo ng mga pasilidad, pagkuha ng lugar, ang paglalagay ng kagamitan sa bago, inayos, o muling itinayong mga pasilidad, na ang kagamitan ay dapat na pangkaraniwang nagagamit sa 10 taon; at upang magkaloob ng mga pondo para sa pagbabayad ng mga gastos bago ang konstruksiyon; kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga preliminaryong plano at mga guhit para sa mga pasilidad ng Unibersidad ng California.

Artikulo 4. Mga Probisyon ng Programang Angkop sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California

100854. (a) Mula sa mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa Artikulo 5 (nagsisimula sa Seksiyon 100900), ang halagang siyam na raan dalawampung milyon doilyar (\$920,000,000) ay dapat ideposito sa Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon para sa mga layunin ng Artikulong ito. Kapag inilaan, ang mga pondong ito ay dapat makuha para sa paggasta para sa mga layunin ng Artikulong ito.

(b) Sa mga layunin ng Artikulong ito ay kabilang ang pagtugon sa mga pangangailangan sa pagtustos na kapital na paglalaan ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.

(c) Ang mga nalikom sa pagbebenta ng mga bono na inisyu at ibinenta para sa mga layunin ng Artikulo ay maaaring gamitin upang pondohan ang konstruksiyon ng mga kasalukuyang kampus, kabilang ang konstruksiyon ng mga gusali at pagkuha ng mga kaugnay na ikinakabit, konstruksiyon ng mga pasilidad na maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mas mataas na edukasyon (intersegmental), ang pagsasabay sa muling pagtatayo ng mga pasilidad, pagkuha ng lugar, ang paglalagay ng kagamitan sa bago, inayos, o muling itinayong mga pasilidad, na ang kagamitan ay dapat na pangkaraniwang nagagamit sa 10 taon; at upang magkaloob ng mga pondo para sa pagbabayad ng mga gastos bago ang konstruksiyon; kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga preliminaryong plano at mga guhit para sa mga pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad ng California.

Artikulo 5. Mga Probisyon sa Pananalapi ng Mas Mataas na Edukasyon

100900. (a) Sa kabuuang halaga ng mga bonong inawtorisang iisyu at ibenta alinsunod sa Kabanata 1 (nagsisimula sa Seksiyon 100800), mga bono sa kabuuang halagang dalawang bilyon tatlong daang milyon doilyar (\$2,300,000,000), hindi kabilang ang anumang bonong inisyu alinsunod sa Seksiyon 100955, o kung anumang ang kailangan, ay maaaring inisyu at ibenta upang magkaloob ng pondong gagamitin sa pagsasakatuparan ng mga layuning inihayag sa kabanatang ito at upang bayaran ang Umikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksiyon 16724.5 ng Kodigo sa Pamahalaan. Ang mga bono, kapag ibinenta, ay dapat na balido at binubuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang lubos na katapatan ang kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran.

(b) Layunin ng Lehiyatara na ang Unibersidad ng California, Unibersidad ng Estado ng California, at ang mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay isaalang-alang taun-taon, bilang bahagi ng kanilang taunang proseso ng pagpapalano ng kapital na paglalaan, ang pagsasama ng mga pasilidad na maaaring gamitin ng higit sa isang bahagi ng pampublikong mas mataas na edukasyon (intersegmental), at, sa o bago ang ika-15 ng Mayo ng bawat taon, iulat ng mga entidad na ito ang kanilang mga natuklasan sa mga komite ng badyet sa bawat kapulungan ng Lehiyatara.

(c) Alinsunod sa Seksiyong ito, ang Tesorero ay dapat magbenta ng mga bonong inawtorisa ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad sa Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksiyon 67353 sa anumang magkakaibang panahong kailangan

upang serbisyuhan ang mga paggastang iniaatas ng mga pagbaha-bahagi.

100910. (a) Ang mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay dapat ibanda, isagawa, iisyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan), at labat ng mga probisyon ng batas, maliban sa Seksiyon 16727 ng Kodigo sa Pamahalaan, ay umaaplay sa mga bono at sa kabanatang ito at isinasama dito na waring nakalagay nang buo sa loob ng kabanatang ito.

(b) Para sa mga layunin ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang bawat ahensiya ng estado na nangangasiwa ng paglalaan ng Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon ay itinatagala bilang ang "lupon" para sa mga proyektong pinopondohan alinsunod sa kabanatang ito.

(c) Ang mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat makuha para sa layunin ng pagpopondo ng tulong sa Unibersidad ng California, Kolehiyong Hastings ng Batas, Unibersidad ng Estado ng California, at sa mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, para sa konstruksiyon ng mga kasalukuyan o bagong kampus, at ang kanilang mga kaukulang sentrong nasa labas ng kampus at mga pasilidad na magkakasamang ginagamit at intersegmental, gaya ng nakalagay sa kabanatang ito.

100920. Ang Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad sa Mas Mataas na Edukasyon na itinatag alinsunod sa Seksiyon 67353 ay dapat mag-awtorisa ng pag-isyu ng mga bono sa ilalim ng kabanatang ito kung kailangan lamang para pondohan ang mga pagbaha-bahagi para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito na malinaw na inawtorisa ng Lehiyatara sa taunang Batas sa Badyet. Alinsunod sa direksiyong pambatas na iyon, ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o hindi o kanais-nais na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa kabanatang ito upang maisakatuparan ang mga layuning inilarawan sa kabanatang ito at, kung gayon, ang halaga ng mga bonong ipapalabas at ibebenta. Ang mga magkakasunod na isyu ng bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang pondohan ang mga pagbaha-bahagi nang pataas, at, at hindi kailangan na ang labat ng bonong inawtorisang ipalabas ay ibenta sa isang panahon.

100925. May kailangang kulektabin taun-taon, sa panaan at panahong katulad ng pagkulekta sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, isang halagang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong ito kada taon. Tungkeulin ng labat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkeulin may kaugnayan sa pagkulekta ng kita na gawin at gampanan ang bawat hakbang na kailangan upang makulekta ang karagdagang halaga.

100930. Sa kabila ng Seksiyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, inilalaan dito mula sa Pangkalahatang Pondo sa Tesoreriya ng Estado, para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang isang halagang kapantay ng kabuuan ng mga sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal ng, at ang interes sa, mga bonong inisyu at ibinenta gaya ng itinatadhana rito, kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran.

(b) Ang halagang kailangan upang isakatuparan ang Seksiyon 100945, inilalaan nang walang pagsasalang-alang sa mga taon ng pananalapi.

100935. Ang lupon, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 100910, ay maaaring humiling sa Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi na gumawa ng pautan mula sa Kuwenta sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi o anumang ibang inaprobabang anyo ng pansamantalang pagtustos, alinsunod sa Seksiyon 16312 ng Kodigo sa Pamahalaan, para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat lumampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na, sa pamamagitan ng resolusyon, ay inawtorisa ng komite na ibenta para sa layuning maisakatuparan ang kabanatang ito. Ang lupon, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksiyon 100910, ay dapat gumawa ng anumang dokumentong iniaatas ng Lupon sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi upang makuha at mabayaran ang pautan. Anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondong ilalaan ng lupon alinsunod sa kabanatang ito.

100940. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng kabanatang ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung ang Tesorero ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa kabanatang ito na kasama ang isang opinyon ng tagapayo sa bono na may epektong ang interes sa mga bono ay hindi isinasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis, napapailalim sa mga itinalagang kondisyon, ang Tesorero ay maaaring magpanatili ng mga magkabiwalay na kuwentita para sa pamumuhunan ng mga nalikom sa bono at para sa mga kita ng pamumuhunan sa mga nalikom na ito. Ang Tesorero ay maaaring gumamit o pangasiwaan ang paggamit ng mga nalikom o kita upang bayaran ang anumang pagbabalik, multa, o ibang kabayaranang iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang mapanatili ang katayuang hindi nagbabayad ng buwis ng mga bonong ito o upang kumuha ng ibang bentabe sa ilalim ng pederal na batas para sa mga pondo ng estadong ito.

100945. (a) Para sa mga layuning isakatuparan ang kabanatang ito, ang Direktor ng Pananalapi ay maaaring mag-awtorisa ng pag-aalis mula sa Pangkalahatang Pondo ng isang halagang hindi lalampas sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng Komite sa Pananalapi ng mga Pasilidad sa

Panukala 55 (ipinagpapatuloy)

Mas Mataas na Edukasyon upang ibenta para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito. Anumang mga halagang kinuha ay dapat ideposito sa Pondo sa Bono ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon na kaayon ng kabanatang ito. Anumang perang inihanda sa ilalim ng Seksiyong ito ay dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo, kasama ang halagang kapantay ng interes na dapat kinita ng pera sa Kuwenta sa Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Salapi, mula sa mga nalikom na natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang kabanatang ito.

(b) Anumang kahilingan na dinala sa Lehislatura at sa Kagawaran ng Pananalapi para sa mga pondo mula sa pag-isyu ng bonong ito para sa paggasta para sa mga layuning inilarawan sa kabanatang ito ng Unibersidad ng California, Kolehiyong Hastings ng Batas, Unibersidad ng Estado ng California, o ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California ay dapat na may kasamang limang-taong planong kapital na paglalaan. Ang mga kahilingan ng isang unibersidad o kolehiyo ay dapat na may kasamang iskedyul na nag-uuna sa mga pagpapalakas panlindol na kailangan upang mabawasan ng malaki, sa pasya ng isang partikular na unibersidad o kolehiyo, ng mga pangangib sa lindol sa mga gusaling tinukoy na mataas na prioridad ng unibersidad o kolehiyo. Ang mga kahilingan ng mga Kolehiyo ng Komunidad na California ay dapat may kasamang limang-taong planong kapital na paglalaan na nagpapakita ng mga

pangangailangan at prioridad ng sistema ng kolehiyo ng komunidad, na ginagawan ng pag-uuna batay sa buong estado.

100950. Labat ng perang idineposito sa Pondo ng 2004 na Kapital na Paglalaan sa Mas Mataas na Edukasyon, na nanggaling sa mga hulog at natipong interes sa mga bono ay dapat ireserba sa pondo at dapat makuha para ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono.

100955. Ang mga bono ay maaaring gawan ng pagsasauli alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-aproba ng mga botante ng estado sa pag-isyu ng mga bonong inilarawan sa kabanatang ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng mga bono upang gawan ng pagsasauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng kabanatang ito o anumang naunang inisyung nagsasauling mga bono.

100960. Ipinasiya at ipinahahayag dito ng Lehislatura na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng kabanatang ito ay hindi “mga nalikom sa mga buwis” kung paano ginagamit ang katawagan ng ito sa Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, ang pamamahagi ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng Artikulong iyon.

Panukala 56

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon 8 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California.

Ang inisyatibong panukalang-batas na ito ay nagsusug sa Konstitusyon ng California at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa mga Eleksiyon at sa Kodigo sa Pamahalaan; dahil dito, ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong itaika* upang ipatitid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSIYON 1. Titulo

Ang panukalang-batas na ito ay dapat makilala at maaaring tawaging “Batas sa Pananagutan sa Badyet.”

SEK. 2. Mga Ipinasiya at Pahayag ng Layunin

Ipinasiya at ipinahahayag ng mga Tao sa Estado ng California na:

Ang Batas sa Pananagutan sa Badyet ay idinisenyo upang tapusin ang mga pagkaantala sa badyet na lumilikha ng krisis sa pananalapi sa ating estado. Ang layunin ng panukalang-batas na ito ay magpatibay ng isang masaklaw na reporma sa proseso ng badyet ng estado na idinisenyo upang higit na papanagutin ang Gobernador at Lehislatura sa mga Tao ng California sa pamamagitan ng paggawa ng mas responsable at napapanahong mga badyet ng estado.

(a) Pagkatapos ipatitid ng Gobernador ang badyet, ang Lehislatura ng Estado at ang Gobernador ay may halos anim na buwan para makumpleto ang badyet sa oras. Gayunman, ang Lehislatura ng Estado ay hindi nakapagpasa ng badyet sa oras mula pa noong 1986.

(b) Ang Lehislatura ng Estado at ang Gobernador ay walang natatanggap na parusa kapag hindi nila matugunan ang huling araw para magawa ang badyet na ipinataw ng Konstitusyon ng Estado. Patuloy nilang nakukuha ang kanilang mga suweldo at mga panggasta. Hindi sila inaatasan na patuloy na magtrabaho sa badyet. Ang totoo, puwede pa silang magbakasyon.

(c) Upang papanagutin ang mga inihalal na opisyal, karapatan ng mga botanteng malaman kung paano ginagasta ang kanilang mga dolyar na buwis bawat taon at kung paano bumoboto ang kanilang mga kinatawan ng estado sa mga badyet at buwis. Sa kasalukuyan hindi madaling makuha ng mga botante ang ganitong impormasyon.

(d) Ang dalawang-ikatlong botong iniaatas upang ipasa ang badyet ng estado at mga kaugnay na buwis ay nakatulong sa pagiging huli ng mga badyet at sa malalaking kakulangan. Ang mga lider ng partidong pampulitika ay tumatangging makipagkompromiso para malutas ang problema sa badyet ng estado at ginagamit ang dalawang-ikatlong boto na iniaatas upang antalahin ang badyet.

(e) Ang California, Rhode Island, at Arkansas ang tanging mga estado sa bansa na nag-aatas ng dalawang-ikatlo o higit ng lehislatura para ipasa ang badyet.

(f) Pagkatapos suriin ang inaatas na dalawang-ikatlong boto ng California, ang di-partidistang Komisyon sa Badyet ng mga Mamamayan ng California ay nagpasiya na “ang kasalukuyang labis na mayoriya na iniaatas ay hindi nagkakamit ang mga madalas na inihahayag na hangarin na bantayan ang paggasta ng badyet, ito ay nagtataguyod ng pagbabara, batas na nagbibigay ng pabor at kawalan ng pananagutan.”

(g) Kapag humihina ang ekonomiya, dumaranas ng kakulangan sa badyet ng estado. Ang mga kakulangang ito ay nadaragdagan ng mga pagbabarang sanhi ng iniaatas na dalawang-ikatlong boto. Ang mga kakulangang ito ay tumataas sa bawat taon hanggang umabot ng maraming bilyon dolyar. Humaharap sa ganitong malalaking kakulangan, ang Gobernador at Lehislatura ay gumagawa ng malalaking pagputol sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at transportasyon at lumilikom ng bilyun-bilyon dolyar sa mga buwis. Ang malalalim na pagputol na ito at malalaking pagtataas ng buwis ay hindi na kailangan kung ang mga solusyong responsableng badyet ay nagawa sa halip ng taun-taong pagbabara.

(h) Ang mga lider ng partido ay nagbantang parusahan ang mga mambabatas ng estado kung tumatangi silang bumoto ayon sa linya ng partido ukol sa badyet. Ang mga miyembro ng Lehislatura ay dapat managot sa kanilang mga manghahalal, hindi sa mga lider ng partido. Ang ating mga inihalal na kinatawan ay dapat na malayang iboto ang sinasabi ng kanilang mga konsiyensiya.

(i) Ang California ay humarap sa malalaking kakulangan sa badyet at mga sobra sa nakalipas na 10 taon. Ang mga inihalal na opisyal mula sa parehong pangunahing partido ay nagtataas ng paggasta at nagbabawas ng mga buwis sa mga panahon ng mahuhusay na ekonomiya, iniinang Estado na hindi sapat ang mga reserba kapag sumama ang ekonomiya. Ang pag-iiyon ng pera sa pondo sa pag-ulat sa mabubuting panahon ay nagkakaloob ng maayos na reserba sa paghina ng ekonomiya at emerhensiya, na mahalaga sa responsableng pamamahala ng badyet.

SEK. 3. Layunin at Intensiyon

(1) Upang gawin ang mga inihalal na opisyal na mas responsable sa mga bunga ng kanilang mga aksiyon, upang panatiling alam ng mga botante ang mga desisyon sa badyet na ginagawa ng kanilang mga mambabatas, upang limitahan ang sukdulang pagiging partidista at tapusin ang pagbabara sa proseso ng badyet, at upang mag-atas ng reserbang pondo sa tag-ulan para mabalanse ang badyet sa mahihirap na panahon at protektahan ang mga mambubuwis ng California, ang mga Tao ng Estado ng California ay nagpapatibay ng Batas sa Pananagutan sa Badyet. Ang panukalang-batas na ito ay para matupad ang layunin nito sa pamamagitan ng pagsugos sa Konstitusyon ng California at sa mga batas ng California upang:

(a) Pagbawalan ang Lehislatura at Gobernador na kunin ang kanilang suweldo at panggasta para sa bawat araw na lumampas siya sa huling-araw ng paggawa ng badyet na itinakda ng Konstitusyon at upang pilitin ang Lehislatura na manatili sa sesyon at isalang-alang ang badyet hanggang ito ay ipasa.

(b) Tulungan ang mga botante na higit na papanagutin ang mga kinatawan ng estado sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga botante ng dalawang-pahinang kabuuran kung paano ginagasta ng Estado ang mga pondong natatanggap nito. Ang kabuuran ay ilalathala sa pamplet ng balota ng estado na ipinakokoreo sa mga botante bago ang bawat eleksiyon para sa buong estado. Isasama sa kabuuran ang isang direksiyon ng website kung saan makikita ng mga botante ang rekord sa pagboto ng kanilang mga kinatawan sa lahat ng pagbabatas ukol sa badyet at may kaugnayan dito, kabilang ang mga panukalang-batas sa buwis, na napapailalim sa 55 porsiyentong iniaatas na boto.

(c) Baguhin ang mga botong kailangan upang ipasa ang badyet at buwis at ibang kaugnay na batas mula sa dalawang-ikatlo ay gawing 55 porsiyento upang mapahusay ang pananagutan sa mga botante, bawasan ang pagbabara sa badyet, at

Panukala 56 (ipinagpapatuloy)

himukin ang mga mambabatas na magtulongang lutasin ang mga problema sa badyet ng California anuman ang kanilang kinasasapiang partido.

(d) Hayaan ang mga mambabatas na iboto ang sinasabi ng kanilang mga konsiyensiya sa badyet sa halip na mapuwersa sa pagboto batay sa linya ng partido. Ang isang mambabatas na pinagbabantaan ng ibang mambabatas dahil sa boto sa badyet ay puwedeng magsampa ng reklamo sa Mga Komite sa Etika ng Senado o Asembleya, na mag-iimbistiga ng reklamo at ipagbibigay-alam sa publiko ang ulat at rekomendasyon para sa angkop na aksiyon sa isang buong Senado o Asembleya.

(e) Tiyakin na may mga pondong nakatabi para sa reserbang pondo sa tag-ulan sa mabubuting panahon ng ekonomiya kapag ang mga kita ay lumalampas sa kailangan para sa mga kasalukuyang programa upang kapag humina ang kita sa paghina ng kabuhatan ang reserbang pondo ay magagamit upang bawasan ang pangangailangan ng malalaking pagputol sa mga programa at pagtataas ng mga buwis. Ang reserbang pondo ay magagamit din sa kalagayang emerhensiya na idindeklara ng Gobernador. Ang reserbang pondo ay maaari lamang gamitin sa mga layuning ito at hindi maaaring gamitin upang itaas ang paggasta.

(2) Ang Batas sa Pananagutan sa Badyet ay hindi magbabago mga limitasyon sa buwis sa ari-arian ng Panukala 13 sa anumang paraan. Ang Batas sa Pananagutan sa Badyet ay nagbabago sa iniaatas na boto sa batasan para sa mga buwis sa 55 porsiyento lamang para itaas ang mga buwis bilang bahagi ng proseso sa pagpapatibay ng badyet.

SEK. 4. Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Konstitusyon ng California ay sinusustugan upang mabasang:

SEK. 12. (a) Sa loob ng 10 araw ng bawat araw ng kalendaryo, ang Gobernador ay dapat magsumite sa Lehislatura, na may mensaheng nagpapaliwanag, ng isang badyet para sa susunod na taon ng pananalapi na naglalaman ng inisa-isang mga pahayag para sa inirerekomendang paggasta ng estado at tinantiyang mga kita ng estado. Kung ang inirerekomendang paggasta ay lumampas sa tinantiyang mga kita, ang Gobernador ay dapat magrekomenda ng mga mapagkukunan ng mga karagdagang kita.

(b) Ang Gobernador at ang inihalal-na-Gobernador ay maaaring mag-atas sa isang ahensiya ng estado, opisyal o empleyado na magbigay ng impormasyong kailangan upang ihanda ang badyet.

(c) Ang badyet ay dapat samahan ng isang panukalang-batas sa badyet na nag-iisa-isa ng mga inirerekomendang paggasta. Ang panukalang-batas ay dapat ipagbigay-alam kaagad sa bawat kapulungan ng mga taong tagapangulo ng mga komite na nagsasaalang-alang sa mga paglalaan. Ang Lehislatura ay dapat magpasa ng panukalang-batas sa badyet bago lumampas ang hatinggabi ng ika-15 ng Hunyo ng bawat taon. Hanggang hindi pa napagtitibay ng badyet, ang Lehislatura ay hindi dapat magpadala sa Gobernador ng anumang panukalang-batas na naglaan ng mga pondo para gastahin sa taon ng pananalapi na ang badyet ay dapat pagtibayin, maliban sa mga panukalang-batas na pang-emerhensiya na inirerekomenda ng Gobernador o ang mga paglalaan sa mga suweldo at panggasta ng Lehislatura.

(d) Kung ang panukalang-batas sa badyet ay hindi naipasa at naipadala sa Gobernador bago lumampas ang ika-15 ng Hunyo, ang Lehislatura ay dapat manatili sa sesyon at hindi maaaring magsaalang-alang o magpasa ng anumang ibang panukalang-batas hanggang ang badyet at mga panukalang-batas na kaugnay ng badyet at magpagtibay, maliban sa mga panukalang-batas na emerhensiya na inirerekomenda ng Gobernador. Ang Gobernador o ang sinumang miyembro ng Lehislatura ay hindi dapat maging karapat-dapat sa anumang suweldo, arawang bayad, o ibang panggasta para sa anumang araw pagkaraan ng ika-15 ng Hunyo hanggang ang panukalang-batas sa badyet ay ipasa at ipadala sa Gobernador. Walang nawalang suweldo, arawang bayad, o panggasta ay dapat bayaran nang retroaktibo. Kung bineto ng Gobernador ang panukalang-batas sa badyet, ang mga pagbabawal sa subdibisyong ito ay dapat manatiling may-bisa hanggang ang badyet ay ipasa at pirmahan ng Gobernador.

(e) Walang panukalang-batas maliban sa panukalang-batas sa badyet na maaaring maglamang ng higit sa isang bagay ng paglalaan, at para sa isang partikular, malinaw na layunin. Ang mga paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado, maliban sa mga paglalaan sa panukalang-batas sa badyet at ibang mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet at mga paglalaan sa mga pampublikong paaralan, ay walang-bisa maliban kung ipasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong rolnol na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon.

(f)

(f) (1) Sa kabila ng Seksyon 3 ng Artikulo XIII A o anumang ibang probisyon ng batas o ng Konstitusyong ito, ang panukalang-batas sa badyet at buwis at ibang mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet ay maaaring ipasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng botong rolnol na ipinasok sa talaan, 55 porsiyento ng mga miyembro ang sumang-ayon, upang magkabisa kaagad sa sandaling pirmahan ng Gobernador o sa petsang tinukoy sa batas. Wala sa subdibisyong ito na dapat makaapekto sa iniaatas na boto para sa mga paglalaan sa mga pampublikong paaralan na nakalagay sa subdibisyong (e) ng seksiyong ito at sa subdibisyong (b) ng Seksyon 8 ng artikulong ito.

(2) Ang buwis at iba pang panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet ay dapat na binubuo lamang ng mga panukalang-batas na tinukoy na kaugnay ng badyet sa panukalang-batas sa badyet na ipinasa ng Lehislatura.

(3) Ang mga panukalang-batas sa buwis na may kaugnayan sa mga panukalang-batas na nagtataas ng mga buwis, sa pamamagitan ng mga itinaas na presyo o mga pagbabago sa mga paraan ng pagkuwenta, tinukoy sa panukalang-batas sa badyet na kaugnay ng badyet, maliban sa walang bagong buwis na batay sa halaga sa tunay na ari-arian, o buwis sa pagbebenta o transaksyon sa pagbebenta ng tunay na ari-arian na maaaring ipataw.

(g) Walang opisyal, komite, o miyembro ng alinmang kapulungan ng Lehislatura na dapat magparusa o magbantang magpaparusa sa sinumang ibang miyembro dahil sa kanyang boto sa panukalang-batas sa badyet o buwis at ibang mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet. Sinumang miyembro ay maaaring magsampa ng reklamo tungkol sa mga paglabag sa seksiyong ito sa mga angkop na komite sa etika ng kapulungan kung saan nangyari ang paglabag umano. Ang komite sa etika ay dapat mag-iimbistiga sa reklamo at gumawa ng mga rekomendasyon sa buong kapulungan tungkol sa angkop na aksiyon, kabilang ang pagpuna, na gagawin sa reklamo. Ang mga napagpasiyahan ng komite sa etika ay dapat ipagbigay-alam sa publiko.

(h) Para sa anumang taon ng pananalapi na ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay lumampas sa kailangan upang pondohan ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo ng Pangkalahatang Pondo, ang Lehislatura ay dapat magdeposito ng hindi kukulugin sa 25 porsiyento ng mga sobrang kita sa Reserang Pondo ng Masinop na Estado na itinatang alinsunod sa Seksiyon 5.5 ng Artikulo XIII B, maliban kung ang Reserbang Pondo ay kapantay ng 5 porsiyento o higit sa mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na kasunod na taong iyon ng pananalapi. Ang mga paglalaan mula sa pondo ay maaaring gawin lamang sa mga taon kung kailan ang mga kita ay hindi sapat upang pondohan ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo ng Pangkalahatang Pondo o bilang tugon sa isang kalagayang emerhensiya na idineklara ng Gobernador. Ang mga paglalaan ay maaari lamang gamitin sa mga layuning ito at hindi maaaring gamitin upang itaas ang paggasta. Sa kabila ng Seksyon 5 ng Artikulo XIII B, ang mga kontribusyon sa pondo ay hindi dapat bumuo ng mga paglalaan na napapailalim sa limitasyon hanggang ang mga ito ay ilaan para sa paggasta mula sa pondo.

(i) Maaaring kontrolin ng Lehislatura ang pagsumite, pag-aproba, at pagpapatupad ng mga badyet at paghaharap ng mga dapat-matanggap para sa lahat ng ahensiya ng estado.

SEK. 5. Seksiyon 9082.8 ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Eleksiyon, upang mabasang:

9082.8. Ang Kontroler, sa pagsangguni sa Kagawaran ng Pananalapi at sa Opisyal ng Pambatasang Manunuri, ay dapat maghanda ng isang kabuuran ng badyet na nagpapaliwanag kung paano ginagasta ang mga pondo ng estado, hindi lalampas sa dalawang nakalimbag na pahina, na dapat ilathala sa pamplet ng balota ng estado na ipinadadala sa mga botante sa bawat eleksiyon para sa buong estado. Ang kabuuran ng badyet ay dapat kasama ang mga direksiyon sa isang website ng estado, inihanda at pinamamalagi ng Pinagsamang Komite sa mga Tuntunin ng Lehislatura, na kabilang ang mga rekord sa pagboto ng mga miyembro ng Lehislatura sa badyet at buwis at ibang mga panukalang-batas na may kaugnayan sa badyet.

SEK. 6. Seksiyon 9518 ay idinaragdag sa Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

9518. Para sa mga layunin ng subdibisyong (b) ng Seksiyon 12 ng Artikulo IV ng Konstitusyon ng California, ang "kasalukuyang antas ng serbisyo ng Pangkalahatang Pondo" ay nangangahulugang mga antas ng serbisyo pagdating ng ika-30 ng Hunyo ng naunang taon ng pananalapi na kailangan upang magunang ang mga obligasyon ayon sa konstitusyon, batas, at kontrata ng estado na iniaata sa populasyon at balaga ng pamumuhay gaya ng itinatatadhana ng Seksiyon 8 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng California sa petsang magkakabisa ang panukalang-batas na ito.

SEK. 7. Kakayahang Ihiwalay

Kung may mga probisyon sa panukalang-batas na ito o ang pagiging mabisa ng anumang probisyon ng panukalang-batas na ito sa sinumang tao o kalagayan ay ipasiyang labag sa Konstitusyon o walang-bisa, ang nasabing pagpapasiya ay hindi dapat makaapekto sa natitirang probisyon o mga paggamit ng panukalang-batas na ito sa ibang mga tao o kalagayan, at dahil dito ang mga probisyon ng panukalang-batas na ito ay itinuturing na may kakayahang ihiwalay.

SEK. 8. Susog

Sa pamamagitan ng rolnol na botong ipinasok sa talaan ng bawat kapulungan, 55 porsiyento ng mga miyembro ang sumang-ayon, ang Lehislatura ay maaaring magsugod sa Seksiyon 9082.8 ng Kodigo sa mga Eleksiyon at Seksiyon 9518 ng Kodigo sa Pamahalaan upang isulong ang mga layunin ng panukalang-batas na ito.

SEK. 9. Mga Kasalungat ng Inisyatibo

Kung ang panukalang-batas na ito at ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas na may kaugnayan sa mga botong pambatasan na iniaatas upang ipasa ang badyet ng estado, itaas ang mga buwis, o gumawa o magtaas ng mga bayad ay lumitaw sa balota ng eleksiyon para sa buong estado, ang mga probisyon ng ibang panukalang-batas o mga panukalang-batas ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang-batas na ito. Kung ang panukalang-batas ay tumanggap ng mas maraming bilang mga mga sumasang-ayong boto, ang mga probisyon ng panukalang-batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuran, at ang ibang panukalang-batas ay dapat pawalang-saysay.



Madaling Patnubay Ng Botante

PARA MAINTINDIHAN ANG MGA ELEKSIYON

- Kailangan mo ba ng maikling kabuuran ng Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004?
- Gusto mo bang makakita ng magkakatabing pahayag at retrato mula sa mga kandidato para Presidente?
- Tumutulong ka ba sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman at pakikipag-ugnayan sa botante?

Tingnan ang **Madaling Patnubay ng Botante**, para sa ika-2 ng Marso, 200. Ang madaling-gamitin na 16-pahinang patnubay ay tumutulong sa mga bagong botante at mga abalang botante na mabilis na maunawaan kung ano ang lilitaw sa balota. Ang mga miyembro ng komunidad ang nagdisenyo ng **Madaling Patnubay ng Botante** para sa bawat eleksiyon upang matiyak na ito ay madaling basahin at madaling maintindihan.

Pumunta sa www.easylvoter.org upang tingnan o i-download ang isang kopya sa Ingles, Espanyol, Intsik, Biyetnames o Koreano. Puwede rin kayong kumuha ng mga kopya ng buklet na **Madaling Patnubay ng Botante** sa inyong lokal na pampublikong aklatan, mula sa mga panrehiyong opisina ng Sekretaryo ng Estado o mula sa daan-daang organisasyon ng komunidad at paaralan sa buong estado (nakalista sa www.easylvoter.org at sa www.MyVoteCounts.org).

Ang Sekretaryo ng Estado ay isang pangunahing isponsor ng popular na **Madaling Patnubay ng Botante**. Ang ibang mga kasama sa proyekto ay ang Aklatan ng Estado ng California, ang Pondo sa Edukasyon ng Liga ng Kababaihang Botante, Common Knowledge, at Literacyworks.

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN

Ika-2 ng Pebrero, 2004

Unang araw upang mag-aplay para sa balota ng nagpapadala lamang sa pamamagitan ng koreo

Ika-17 ng Pebrero, 2004

Huling araw upang magparehistro para bumoto

Ika-24 ng Pebrero, 2004

Huling araw na ang mga opisyal ng county sa mga eleksiyon ay tatanggap ng aplikasyon ng botante para sa balota ng nagpapadala lamang

Huwag Kalilimutang Bumoto!

Bukas ang mga botohan mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi

Pebrero

LI	LU	MA	MI	HU	BI	SA
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29						

Marso

LI	LU	MA	MI	HU	BI	SA
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31			

Ika-2 ng Marso, 2004

Huling araw para personal na mag-aplay para sa balota ng nagpapadala lamang sa opisina ng opisyal ng county sa mga eleksiyon

Ika-2 ng Marso, 2004

Araw ng Eleksiyon!

Secretary of State
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

FIRST CLASS MAIL
U.S. POSTAGE
PAID
SECRETARY OF
STATE



Primaryang Eleksiyon

English: 1-800-345-VOTE (8683)
Español/Spanish: 1-800-232-VOTA (8682)
日本語/Japanese: 1-800-339-2865
Việt ngữ/Vietnamese: 1-800-339-8163
Tagalog/Tagalog: 1-800-339-2957
中文/Chinese: 1-800-339-2857
한국어/Korean: 1-866-575-1558

www.voterguide.ss.ca.gov

Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante

Sa pagsisikap na bawasan ang mga gastos sa eleksiyon, ang Lehislatura ng Estado ay nag-awtorisa sa Estado at mga county na magpakoreo ng isa lamang pamphlet sa mga direksiyon kung saan may isa o higit na botante na may iisang apelyido. Maaari kang kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pagsulat sa opisyal sa mga eleksiyon ng county o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-345-VOTE.



T